
Magasin ng BAGONG Buhay

Abril 7, 1957

... OF THE PHILIPPINES
LIBRARY




## BATAAN ...

Ang larawang ito'y
sumasagisag sa na
ging huling tang
gulan ng mga ka
wal ng kalayaan
noong madidilim
na araw ng naka
raang digmaan. Na
kalarawan ang ban
tog na "Death
March" at ang mga
kagamitang pan
digma ng isang
kawal ng USAFFE
na nasawi sa lara
ngan ng Bataan.
(Tingnan ang pah.
2-3)

# Araw ng Bataan



Ginugunita ng batang ito ang Araw ng Bataan sa pamamagitan ng pananalangin sa harap ng mga krus na pananda sa Libingan ng mga Bayani sa bundok ng Samat. Aniya: "Lumigaya nawa sa kabilang buhay ang mga taong itong nangasawi sa ngalan ng kalayaan..."



Tuwing sasapit ang Araw ng Bataan, ang mag-anak na itong inulila ng isang bayani ng digma ay nagtutungo sa Libingan ng Pambansang mga Bayani sa Fort McKinley at nananalangin sa harap ng isang puntod — ang kinalalagakan ng isang kaluluwang karugtong ng kanilang buhay!

IKA-9 NG ABRIL — isang di malilimot na araw sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa araw na iyan bumagsak ang Bataan, ang naging huling lakas ng Magkakaanib laban sa bansang manlulupig. Ang pagbagsak ng Bataan ay naging isang mariing dagok sa Demokrasya sa bahaging ito ng daigdig, subali't isang dagok na naging lubhang makabuluhan at makasaysayan. Dahil sa paninindigan ng Bataan, ang mga nalalabing pangkat ng USAFFE ay di namatayan ng pananalig na ang kanilang simulain ay maaari pang ipakipaglaban at ipagtagumpay. Dahil sa Bataan, ang lakas na pumipigil sa kaaway ay naging matatag sa pag-antabay sa mga pangkat na panaklolo. Ang Bataan ay siya ring nagsilbing gabay upang ang mga kapanalig na lakas sa Pasipiko ay makaiwas sa sinapit niyang kapahamakan. Ang Bataan ay isang aral sa pagiging laging handa ng mga bansa, aral na malilimbag sa kasaysayan ng daigdig. Itinuro ng Bataan na huwag na tayong pahuhuli pang nakamaang, kailan man, sa kataksilan ng mga kaaway.


Ipinagugunita ng paghahamok sa Bataan ang papel na dapat gampanan ng bawa't mamamayan sa pagbubuo ng bansa. Na, ang pagtatanggol sa bayan ay mangangailangan ng pagtupad sa mga tungkulin at pananagutan. Nguni't ito'y hindi dapat isabalikat ng iilan lamang. Sapagka't ang bawa't butil ng lupang bumubuo sa isang



Bilang pagdakila sa kagitingan ng mga kawal na nangasawi sa larangan sa Bataan, ang libingan ng mga bayani ay dinadalaw ng mga tao tuwing ika-9 ng Abril at [illegible] ng mga seremonya at iba pang luksang parangal sa [illegible] Kilalang Kawal.

Ito ay isang makasaysayang pananda sa alaala ng magiting na kawal Pilipino at Amerikano na magkapiling na nakidigma sa pagtatanggol ng demokrasya. Sinasagisag nito ang pagbagsak ng Bataan na siyang naghinang sa palagiang pagsasamahan at pagtutulungan ng Pilipinas at Estados Unidos.




Ang libingan ng mga "Di Kilalang Kawal" sa may bundok ng Samat na pinagdarayo rin ng mga tao tuwing ika-9 ng Abril. Sa pook na ito naganap ang maraming mababangis na pakikipagsagupaan ng ating mga kawal laban sa hukbong Hapones, at dito rin nangabulagta ang di-mabilang na Bayani ng Bataan, pagkaraan ng matagal na paninindigan.

bansa ay bahagi ng buhay ng bawa't mamamayan.

Hinihingi ng kasaysayan na papanatilihin natin nakatala sa Aklat ng Buhay ang kabanata ng Bataan — hindi lamang sa araw na yaon ng Abril. . . kundi sa lahat ng mga araw.

---

Sa ika-9 ng Abril, gugunitain nga ng lahat ang makasaysayang pagbagsak ng Bataan. At sa araw na iyan, nararapat na pag-ukulan natin ng alaala, higit sa lahat, ang mga kawal na nabulid sa gitna ng larangan —hindi lamang sa Bataan, kundi sa iba-ibang pook ng Kapuluan. Dahil sa kanila, tinatamasa natin ngayon ang isang kalayaang mamanahin ng susunod pang mga salin ng lahi.




Isang kawal na nag-aayos ng Libingan ng mga Bayani sa Ft. Wm. Mckinley bilang paghahanda sa pagdiriwang ng bansa sa Araw ng Bataan. Mapalad ang mga nabubuhay, nguni't naisasaloob ng kawal na ito na higit na mapapalad ang nangasawi sa pagtatanggol ng kanilang bayan.








Ilan sa mga tumanggap ng gantimpalang kaloob ng FAMAS. Mula sa kaliwa: Manny de Leon ng LVN, Lolita Rodriguez, Eddie del Mar, anak ni Direktor Ramon Estella (kumatawan sa kanyang ama), Mr. Anton, Dr. Jose Perez at Gerry de Leon.

Ang mga istatwang bronse ng Kodak, Philippines, na ipinagkaloob ng FAMAS sa mapapalad na nagsipagwagi.





"Binabati ko ang FAMAS sa kanyang mahalagang ginagampanan at pagbibigay-sigla sa mga alagad ng ikapitong-sining ...at hinahangad ko ang patuloy na pag-unlad ng pelikulang Pilipino," anang bahagi ng talumpati ni Sen. Edmundo Cea.



Ang bahagi ng makapal na taong nagsidalo, karamiha'y mga bituin at direktor, mamamahayag at manunulat — sa mga sandali ng pagsasalusalo...

# DAKILANG GABI NG PELIKULANG PILIPINO

NOONG gabi ng ika-30 ng Marso ay nasaksihan sa Fiesta Pavilion ng Manila Hotel ang isang natatanging gabi para sa mga alagad ng ikapitong-sining. Tinanghal nang gabing yaon ang mga tauhan ng pelikulang Pilipino na naging karapatdapat sa mga gantimpala at karangalang ipinagkaloob ng FAMAS (Filipino Academy of Movie Arts and Science). Ang mga naging mapapalad ay nagsitanggap ng gantimpalang istatwa na kahalintulad ng gantimpalang Oscar ng Hollywood, bukod sa pinapurihan at ipinagbunyi ng madla.

Higit kaysa mga nakaraang taon, ang ikalimang taunang pagbibigay ng gantimpala ng FAMAS ay naging makulay at matagumpay. Nagsidalo ang matataas na pinuno ng pamahalaan, mga kilalang tao sa lipunan, mga tanyag na direktor at artista sa puting-tabing. Naging panauhing pandangal si Senador Edmundo Cea na bumigkas ng talumpati.

Ang naging mapapalad sa gantimpalang FAMAS nang gabing yaon ay ang sumusunod:

Lolita Rodriguez, "Pinakamahusay na Artistang Babae ng 1956" (**Gilda**), Sampaguita; Eddie del Mar, "Pinakamahusay na Bituing Lalaki" (**Buhay at Pag-ibig ni Dr. Jose Rizal**) Premiere; **Luksang Tagumpay** (LVN), "Pinakamahusay na Pelikula"; Ramon D'Salva at Rosa Mia; pinakamahusay na katulong na bituing lalaki at babae; Ding de Jesus at Gerry de Leon, "screenplay" (Hating-gabi); Remigio Young, "cinematography"; Tony Maiquez, sa musika; Demetrio de Santos, "sound recording"; Vic Calub, "film editing"; at Lebran, sa pelikulang dokumentaryo (**This is My Philippines**).

## AYON SA KANILA...

Nabasa ko ang isang kurukuro na lumabas sa pitak na ito noong isang Linggo. Umano'y kalabisan ang madalas na paghingi ng kontribusyon ng mga guro sa mga nag-aaral. Na ang kontribusyong binabanggit ay wala namang mahalagang kinauukulan.

Hindi ko pinupuwing ang nabanggit na kurukuro sapagka't may katotohanan sa ilang pagkakataon. Nguni't ang masasabi ko, ang ganyan ay nangyayari lamang sa iilang paaralan. Sapagka't sa eskuwelahang pinapasukan ng aming anak, halimbawa, ay wala kaming matandaang kontribusyong hiningi ng mga guro. Kaya tila namamali ng palagay ang sumulat ng kurukurong iyon. Saka, ang paghingi naman marahil ng kontribusyon ng tinutukoy na mga guro ay hindi sapilitan kundi sa kusang-lob lamang ng mga nag-aaral. Kaya sa ganang amin, ang gayon ay hindi naman napakasamang gawaing dapat ukulan ng mahalagang pansin. —*Ernesto F. Hamibin, Quiapo, Maynila.*

---

Isang napakadakilang libing ang libing ng yumaong Pangulong Magsaysay. Sa libing na yaon ng minamahal nating Idolo ng Bayan ay napatunayan kung gaano siya kamahal sa kanyang bayan na minahal niya nang labis noong siya'y nabubuhay. Harinawang maging salamin ng iba pang magsisiugit sa ating bansa ang kasaysayan ng Pangulong Magsaysay. Bagaman siya'y yumao na sa kabilang buhay, ang kanyang kabutihan at matapat na paglilingkod sa bayan ay siya namang ikinapamahal niya sa bayang iyan na ngayo'y lumuluha at nagluluksa sa kanyang pagpanaw. Kung nais ng sino mang Pangulong uugit sa ating bansa na mapamahal din sa puso ng bayan at magkaroon din ng natatangi at dakilang libing pagdating ng kanyang kamatayan, ay sumunod siya sa mga bakas ng Pangulong Magsaysay na ngayon at magpakailanman ay di na mapapawi sa alaala ng bawa't Pilipino. — *Roman Cruz, Maypaho, Maynila.*





**Ngayon lamang-ganitong wax!**

*Subukin--at sasang-ayong...ang bagong* ***YCO SPECIAL*** *ay higit!*



Lumilikha ng tuyo, kumikislap at di nagkakabatik na tila salaming kalinisan... isang panlinis na may mataas na uri!



May langkap na bagong ligtas-samantsang sangkap na angkop sa paglilinis ng sahig na kahoy, semento o marmol — gayondin sa mga kasangkapan. Angkop sa paglilinis ng likas na kahoy o may barnis na dinding.



Madaling ipahid at lumalahid nang malawak, nag-iiwan ng matigas at tumatagal na kintab... kayo'y makapagtitipid pagka't hindi kailangang gamitin nang malimit... at magaan pang gamitin...




*at narito ang isang bonus--*

**YCO WAX ay pamuksang-kulisap!**

Mabibili sa pula at sa puting kulay

*Ngayon sa inyong bilihan!*

**ELIZALDE PAINT & OIL FACTORY, INC.** • 378 Tanduay, Manila • Tel. 3-86-71



# "Beacon

*ni Carlos C. Marcelo*

UPANG masubok ang kakayahan ng hukbo ng Estados Unidos sa pagtatanggol sa Amerika at sa mga kapanalig na bansa laban sa pananakop ng komunista, itinanghal kamakailan sa Look ng Dingalan, Quezon at Laur, Nuweba Esiha ang pagsasanay sa digma na tinaguriang "Kilusang Beacon Hill".

Ang pagsasanay na nilahukan ng may 100 hapor, 400 aeroplano at 60,000 pinuno at tauhan ng hukbong-dagat ng EU sa Pasipiko ay itinuturing na pinakamalaking kilusan mula nang magkadigma sa Korea at nang lumunsad sa Leyte ang mga Amerikano.

Ginawa sa ilalim ng pangkalahatang pamumuno ng Pangalawang Almirante Wallace Morris Beakley, puno ng ika-7 plota ng EU, ang pagsasanay ay nagsimula noong Marso 17 nang tumulak na patungong Pilipinas ang mga bapor buhat sa Okinawa at Hapon.

Matatapos ang pagsasanay bukas, Abril 8, sa pagbabalik ng lahat nang lumahok na pangkat sa kani-kanilang himpilan.

Ang "Beacon Hill" ay tinampukan ng paglunsad ng may 20,000 marinong nakabaluti noong Marso 25 sa Look ng Dingalan at ng dalawang araw at dalawang gabing "labanan" sa Okino Daito Shima, isang pulong walang tao sa silangan ng Okinawa.

**Paghahanda**

Sa pakikipag-unawaan ni Almirante Felix B. Stump, puno ng hukbong-dagat sa Pasipiko ng EU, ay ipinagamit ng pamahalaang Pilipino ang may 80,000 ektaryang purok sanayan ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas (AFP) sa Laur.

Sinimulan noong Marso 12 ng 350 pinuno at tauhan ng pangkat sa inhinyerya ng hukbong-dagat ng EU sa pangunguna ni Komandante Thirl D. Johnson, ang paggawa ng mga lansangan at tulay sa kagubatan ng Laur.


Matagal pa bago gawin ang pagsasanay ay binabalaan na ng Konstabularya ang mga naninirahan sa Laur at Bitulok upang hindi matakot. Sa pamamagitan ng mga pahayagan at radyo'y ipinaliwanag ng mga pinuno ng "Beacon Hill" na hindi gagamit ng mga buhay na punlo sa pagsasanay sa silangan ng Luson.

Noong Marso 24 ay inihatid ng mga aeroplano ng hukbong-dagat ng EU sa bapor na **USS St. Paul** at **USS Estates** ang mga tagapagmasid na pinangunahan ng Pangulong Carlos P. Garcia, kasama ang mga mamamahayag na Pilipino at Amerikano.

Kabilang sa mga tagapagmasid ang limang pinuno ng hukbo ng Nasyonalistang Tsina, sina Tenyente Heneral Lo Yu Lin, Tenyente Heneral Hsu Tuang Sheng, Kontra Almirante Feng Chi Chung, Komandante Heneral Wang Chia Han, at Tenyente Koronel Chen Ping Ching.

Kasama rin ng Pangulong Garcia sina Kalihim Eulogio Balao ng Tanggulan, Kalihim Raul Manglapuz ng mga Suliraning Panlabas, Tenyente Heneral Alfonso Arellano ng

**Ang mga tangke ng 3rd Marine Division na buong bilis na papasok sa gitna ng "larangan" sa Laur upang lusubin ang nalalabing mga "kaaway". Ito'y sa ikaapat na araw ng "Kilusang Beacon Hill".**



**Ito'y Look ng Dingalan, nang ihudyat ni Kontra Almirante Harold O. Larson, puno ng Amphibious Task Force na nangangasiwa sa pagsasanay, ang paglunsad ng may 20,000 marino. Makikita ang Bundok ng Sierra Madre sa dakong likuran.**

# Hill"

AFP at Brigadyer Heneral Manuel F. Cabal ng Konstabularya, Embahador Chen Chi-Mai ng Tsina, Ministro Horace Smith, Komandante Heneral Joseph Harper ng JUSMAG at Kinatawang Numeriano Balao.

**Paglunsad**

Ganap na ika-7:01 ng umaga ng Marso 25 nang ihudyat ni Kontra Almirante Harold Larson, puno ng "Amphibious Task Force" na nangangasiwa sa pagsalakay, ang paglunsad ng may 20.000 marino sa Look ng Dingalan.


Sunud-sunod sa dalawang pasalikop na hanap ng tig-labing-pito, 34 na iba't ibang uring bapor ang unang dumaong sa Look, samantalang sumusubaybay sa itaas ang may 400 aeroplanong lumilipad nang pangkat-pangkat mula sa 1,500 hanggang 35,000 talampakang taas.

Parang along iniluwal sa mamula-mulang dalampasigan ang mga marinong nakabaluti, kasabay ng mga tangke at iba pang sandatang pandigma.

Upang mapagsalikupan ang "kaaway," ang iba sa mga marino ay hinakot ng mga helikopter sa kabila ng purok-sanayan. Ang iba'y naglakad nang mula sa Look — bumagtas sa mga kagubatan at sa Ilog Coronel.

Habang patuloy ang dahan-dahang "pagpapalaya" sa purok na ipinalalagay na sakop ng "kaaway" ay nagbabagsak ng mga panustos na pagkain at tubig sa mga marino ang

(*Sundan sa pah.* 20)



**Ang mga makabagong aeroplanong "Skyraider" na ginamit sa pagsasanay na panghimpapawid.** Ito'y bahagi ng Marine Air-Ground Task Force na pinamunuan ni **Kom. Hen. Samuel Sloan Jack.**



**Mga punuang trak ng 3rd Marine Division, nang humahagibis na papasok sa Laur sa isa sa pinakamahalagang yugto ng pagsasanay. Ang mga sasakyang ito'y ginamit sa mabilisang paghahatid ng mga kawal at panustos na kagamitan sa digma.**




**Ang mga marino ng Ikatlong Dibisyon, na sinusubaybayan ng mga tangke habang papalapit sa Coronel River Valley. Naging makatotohanan at matagumpay ang bahaging ito ng pagsasanay bilang paghahanda sa "maaring mangyari" sa mga araw na haharapin.**


Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MANINGNING AT MALUSOG NA MGA MATA

ANG ARAW ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG




EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl.oz. Contains Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1 8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr. 12-1



# Moda

pitak ni Marissa








*Kagandahang-loob ni*
**ESTRELLA PLANTILLA**

*Mga larawang kuha*
*ng* **TROPICANA**



### *Sa Pagbuburda*

*Makikita sa larawan ang apat pang uri ng pagbuburda. Ang* Cutwork *(dulong itaas) ay ikinakabit sa tela sa pamamagitan ng pagtahi (katulad ng lilip sa paggawa ng ohales) na ipinakakain sa tahi ang dalawang magkatapat na guhit. Ang mga ugat sa dahon at mga petalo ay ginagamitan ng lilip na "outline stitch". Ikalawa:* Scallops *— Tulad din ng tahi sa paggawa ng ohales na nilalaparan ang pagitan sa may dakong gitna ng bawa't ukit. Ikatlo:* Cross Stitch *— lilip na pinagsasali-salisi lamang upang maging magkasalubong ang pagkakahanay. Ikaapat:* Gobelin Stitch *— lilip na ginagamit sa mga kurtina at lona. Ito ay kaiba sa* cross stitch *dahil sa pagkakaroon ng isang hilig lamang ng lilip.*

# Sining ng Kasiya-siyang Pamumuhay

ni Maria Salome Tonsay

**IWASAN ANG PAGTATANONG NG MGA BAGAY NA PERSONAL SA MGA HAYAG NA POOK**

Sa arawaraw na pamumuhay ay hindi maiiwasan ang mga pagkakataong makasasalubong sa daan ng mga kakilala o tapat na kaibigan, at ang pagbabatian ay karaniwang bahagi nito. Nguni't ugali ng maraming tao ang magtanong ng mga bagay na hindi dapat itanong sa mga hayag na pook. Ang karaniwan ay hindi naman sa hangad na mang-insulto kundi dala lamang ng kawalang-muwang sa mga alituntunin ng kagandahang-asal at wastong pakikiharap sa kapuwa.

Naranasan na ba ninyong matanong nang sunud-sunod, na ang itutugon ninyo ay halos hindi malaman kung saan hahagilapin?

"Hoy! Ssst! Saan ka galing? Saan ka pumapasok ngayon? Ano ang trabaho mo roon? Magkano ang sinasahod mo?" Ito ang mga tanong na karaniwang nagdudulot ng kahihiyan sa iba.

Kung minsan naman ay ganito ang maririnig sa mga taong walang pasintabi kung mag-usisa. "Saan ka ba nakatira ngayon? Sarili na ba ninyo ang bahay o uumuupa lamang kayo? Magkano ang inyong ibinabayad sa isang buwan?"

Iyon ang mga karaniwang tanong na nagbabadya ng "impormalidad" at angkop lamang sa mga katapatang-loob. o kung ang kalagayan ng pamumuhay ng tinatanong ay nakahihigit sa karaniwan na kahit na tanungin ng mga personal na bagay na ito ay hindi mahihiyang sumagot at sa halip ay maaaring makapagmalaki pa.

Kung sabagay, kahit na nagkakasarilinan ay hindi rin dapat usisaing parang nililitis ang isang tao ng mga tanong na personal na tulad ng nabanggit. Hindi magiging makatarungan para sa tinatanong ang pag-uusisang ito ng walang taros. At sa panig naman ng nagtatanong ay napagkikilala ang kamangmangan at kababaan ng pinag-aralan.

Ang pinakamatalinong paraan ng pagbati sa mga kaibigang nasasalubong sa daan ay ang magalang na "Kumusta ka?" o "Kumusta kayo?" Maaari na ninyong ipagpatuloy ang pagbabalitaan sa ibang paksa gaya halimbawa ng "Bakit kay tagal kitang hindi nakita? Kumusta ang mga anak ninyo? Hindi ka na nagpapasyal sa amin"... etsetera... etsetera.

Kaya upang maiwasan ang ano mang bagay na maaaring magdulot ng kahihiyan sa kausap, ang pinakamabuting paraan ay ang maging maingat at maging mapag-alang-alang. Sa mukha ng kausap ay madaling mababasa kung ibig nila o hindi ang mga pagtatanong sa kanila. Ang tila alanganing pagtugon o bahagyang pagkunot ng noo o buntong-hininga ay maliwanag na tandang ibig umiwas ng kausap sa paksang inyong binuksan.

***ILANG PAYO SA MGA MAHIYAIN***

Kayo ba ay mahihiyain sa malalaking pagtitipon? Dumarating ba sa inyo ang pakiramdam na parang nais ninyong nakakubli at ayaw pasilay sa iba? Mahirap labanan ang pagkahiya ng isang taong mahiyain, lalo na kung pumapasok sa isang bulwagan at sinusundan ng tingin ng marami.


Ang isang mabisang paraan upang maikubli ang pagkapahiya ay ang pag-aaral ng wastong pagdadala ng katawan (poise). Kailangan din ang pinagsamang kontrol sa katawan at paniniwala sa sarili. Oras na matamo ang mga bagay na ito, ang katahimikan ng diwa ay laging tataglayin sa lahat ng pagkakataon, maging sa pagdalo sa malalaking pagtitipon, sa dahilang malilimot na ang pagiging mahiyain.

Kailangang pag-aralan ang mahinhing pagpasok sa bulwagan, na wala ang pagkapahiya o pamumutla; kung papaano uupo ng mahinusay; kung papaano tatayo o lalakad. Kapag nasanay kayo, matutuklasan ninyong walang sapat na dahilan upang kayo ay maging mahiyain; sa halip ay magkakaroon kayo ng malasakit na makikilala ng maraming tao sa inyong mga pinatutunguhan.

Naito ang ilang mahahalagang alituntuning dapat pagsanayan:

*Pagpasok sa Bulwalgan* — Magmanman muna sa labas ng pinto at tumanaw sa dakong loob ng bulwagan. Ipalagay ang sarili at sikaping maituwid ang buong katawan na ang mga kamay ay malayang

(Sundan sa pah. 20)



***"Pineapple-Ruffle Doily"***

*Magara sa hapag na pampanauhin ang disenyong ito ng doily. Ang ginamit na palamuti sa tabi ay disenyo ng pinya sa paraang "ruffle". Ito ay maaaring gamitan ng sinulid na plastik sa katamtamang sukat at higit na babagay sa magandang kayaan.*

## *Mga Suliranin Ng Puso*

BINIBINING MARISSA: — Sa kasalukuyan po'y nag-aaral ako ng Komersiyo. May tatlong buwan po lamang ang nakararaan ay nakipagkasundo ako sa isang dalagang may labingwalong taong gulang. Nguni't ang bumabagabag sa loob ko ay ang dahilang mayroon akong itinatagong lihim sa kanya. Ako po'y may kapansanan sa katawan. Ang kaliwang braso ko po ay nabalian may anim na taon na ang nakararaan at hangga ngayon ay hindi pa nasasauli sa dati. Nalalaman ko pong ito ay pangit sa paningin. Hindi po ako magkaroon ng sapat na lakas ng loob upang ipagtapat ko sa kanya ang bagay na ito; nangangamba po akong baka kumupas ang pagmamahal niya sa akin, lalo na't marami siyang talisuyo. Nguni't natatakot po naman akong mawala siya sa aking buhay. Ano po kaya ang nararapat kong gawin? — AL.

AL: — Ang kapangitan ng anyo, lalo na kung sa pilay lamang sa braso, ay hindi nararapat ilihim nang matagal. Ito ang angkop na panahon upang ipagtapat mo sa kanya ang nauukol sa iyong suliranin. Ang bagay na karaniwang pinagbabatayan ng pagmamahalan ng binata at dalaga na na sa kabataan pa ay ang gandang-panlabas. Ang pag-ibig ay naaakit ng gandang-panlabas, nguni't ito ay kailangang lumagpas sa takdang guhit na iyan, upang maasahan ang tapat at walang katapusang pagmamahalan. Sa pagkakataong ito ay kailangang malaman mo kung tunay ka niyang minamahal, hindi dahil sa iyong anyong panlabas lamang. At bukod diyan, may karapatang malaman niya ang nauukol sa bagay na ito, sapagka't sa pangingibig, kailangan kang maging lubos na matapat sa iyong kasintahan. —MARISSA.

---

BINIBINING MARISSA: — Ako po'y isang dalagang may 16 na taong gulang. Ako po'y baliw na baliw sa pag-ibig sa isang artistang Amerikano. Sa tuwi pong may itinatanghal na pelikula niya sa Maynila ay natututuhan ko pong pumalya sa klase mapanood ko lamang ang kanyang pelikula. Malimit po tuloy akong nakakagalitan sa amin sapagka't ang ibinibigay nilang gastos ko sa pag-aaral ay inuubos ko lamang sa pagbili ng mga magasing kinalalathalaan niya, mga larawan niya at nanonood ng kanyang mga pelikula kahit ulit-ulit ko nang napanood. Ang kinababaliwan ko pong artistang ito ay minsan nang diborsiyado at sa kasalukuyan ay may asawa't dalawang anak na lalaki. Siya po'y may 32 taong gulang, at kahit na siya matanda at alam kong may kataling-puso ay mahal na mahal ko pa rin siya. Papaano ko po kaya maipagtatapat sa kanya ang aking damdamin? Ituro po ninyo ang nararapat kong gawin. Hindi po ako makatulog at makakain. Lagi po siya sa aking isipan. — ROSE.

ROSE: Una sa lahat ay kalimutan mo ang salitang "pag-ibig". Papaano mo masasabing umibig ka sa isang taong wala kang nalalaman maliban sa mga bagay na nababasa mo sa mga magasin ukol sa kanya? Dapat mong malaman na ang kanilang mga ahenteng pampahayagan ay labis sa kanilang pagbabalita upang maakit ang madla kahit ang mga pagbabalitang ito ay lihis sa katotohanan. Isang kabaliwan ang magpahayag ka ng pag-ibig sa kanya, lalo na't siya ay tumatanggap ng mga ganitong uri ng sulat mula sa daan-daang babaing humahanga sa kanya. May mga bituing may sariling kalihim at dahil sa dami ng kanilang gawain ay hindi na bumabasa ng mga tinatanggap nilang liham. Ikaw ay na sa panahon pang kasibulan ang paglaki maging sa pag-iisip. Ang sino mang babaing na sa gulang mo ay dumaranas ng ganyang damdamin! Kung sabagay ay walang kapinsalaang maaaring likhain ito, nguni't sa nangyayari sa iyo ay maaaring makasama. Nagtatago ka sa klase mapanood mo lamang ang kanyang pelikula! Hindi mo ba nalalaman na sinasayang mo ang iyong panahon at ang salaping ibinibi- ... ng mga magulang mo? — MARISSA.




Sa 2.3 saglit, ang bituing manlalaro ng tenis ay nakatatapos ng isang malakas na pukol... Nguni't wala pang

**DALAWANG SAGLIT**

ang Cortal ay nagkakabisa kaagad!

**GAWIN ITONG PAGSUBOK!**

**Upang mapatunayan kung gaano kabilis magkabisa ang CORTAL, maghulog ng isang tableta sa isang basong tubig at pagmasdan ang dagliang pagkatunaw nito. Ang nangyayari sa baso ay siya ring nangyayari sa inyong tiyan.**

Kagyat na ginhawa ay lubhang kailangan kung kayo'y nagdaranas ng sakit ng ulo, sipon o pananakit ng kalamnan dala ng trangkaso. Ang **CORTAL** ay napatunayan na nagdudulot ng kagyat na ginhawa sapagka't sa sandaling malunok ito'y kagyat na natutunaw

Upang mapawi ang kirot sa ligtas at maaasahang kaparaanan lumunok ng dagling nagkakabisang **CORTAL.** Hingin ang tunay na **CORTAL** na nasa kilalang dilaw at asul na "Cellophane" na may larawan ng tanyag na si Kapitan CORTAL.

Kailan ma't sumpungin ng kirot, hingin ang—

**Cortal**

***DAGLI • LIGTAS • TIYAK***

Each tablet contains: Acetylsalicylic acid 0.35 gm Phenacetin 0.15 gm. Caffeine 0.05 gm. 39-8

*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# "AKO'Y NAGUGUTOM," ANANG MANGGAGAWA




**SI MANG PEDRO** ay may anim na anak. Nguni't walang isa man sa mga anak niyang ito na nag-aaral. Wala siyang maipantustos. Kulang na lamang ang magpalimos silang mag-aanak para makatawid-maghapon. Kung hindi pa marahil nagtitinda ng saging na nilaga ang anak niyang dalagita at humahango ng labada ang kanyang maybahay, wala silang magagastos man lamang para ipambili ng bigas at tuyo. Ang kanilang bahay: isang barong-barong sa pook ng mga *squatter*.

Ito ay pakikipanayam kay Mang Pedro:

T. Mabuti po't hindi kayo nababagot sa buhay maralita?

*S. Huwag nating simulan sa biro ang panayam na ito. Sino ang may ibig sa buhay-maralita?*

T. Ang ibig ko pong sabihi'y tila matagal na kayo sa inyong kalagayang iyan, nguni't hindi pa nakababangon.

*S. Tama ang sinabi mo.*

T. Bakit po ninyo sinapit ang ganyan?

*S. Iisa ang dahilan: wala akong mapasukang gawain.*

T. Buhat pa po nang una?

*S. Hindi. Noon ay may trabaho ako... may dalawang taon na.*

T. Ano po ang trabaho ninyo noon?

*S. Ang gumawa sa kalsada... magpatag ng mga lubak.*

T. Paano po kayo naalis?

*S. Marami kaming manggagawa. Nang matapos ang kalsdang aming niyayari ay nagbawasan ng trabahador. Nabawas ako at hindi na nakabalik.*

T. Bakit po?

*S. Sapagka't noon ay dumalang na ang mga kalsadang ipinagagawa.*

**T. Nguni't marami pa pong hindi napapatag na mga kalsada?**

***S. Marami pa nga, nguni't hindi raw nakasasapat ang badyet ng pamahalaan.***

**T. Hindi lang po marahil sa trabaho ninyo kulang ng badyet. Maraming ibang wala ring mapasukan, hindi po ba?**

***S. Oo. At iisa ang aming kapalaran. Pero naiisip kong mabuti pa marahil kung naging 'basurero.' ako.***

T. Basurero?

***S. Oo, sapagka't hindi nababawasan, kundi nararagdagan ang basura araw-araw.***

**T. Baka mag-amoy basura po kayo?**

***S. Ma'no ba. Basta gawaing mapagkikitaan. At saka, hindi dapat abahin ang pinakamababa mang trabaho.***

**T. Tama po. Nguni't kahit po ba sa mababang uring iyan ng mapapasukan ay hindi kayo matanggap?**

***S. Hindi.***

**T. Huwag po ninyong sabihing siksikan din sa trabahong iyan.**

***S. Aba, siksikan din... katulad ng nangyari sa dati kong gawain. Bago ka mapasok, kailangan mo muna ang malakas na rekomendasyon. At alam mo bang sa ngayon, kahit yaong mga nakapag-aral ay walang mapasukan? Iyan ang dahilan kung bakit kaming medyo mahihina ay hindi matanggap.***

**T. At dahil po riya'y nananatili kayong maralita?**

***S. Siyang tunay.***

**T. Balita ko po'y may mga proyekto ang pamahalaan para sa mga *squatter*?**

***S. Mayroon nga... yaong mga bahay-paupahang ipagkakaloob sa mga uupa pagkaraan ng kung ilang taon. Ang hirap lamang, 'yung mga malakas-lakas ang nagkakaroon ng pagkakataon.***

**T. Talagang mahirap po ang mahirap.**

***S. Lalo kaming hihirap habang lalong yumayaman ang mayayaman.***

**T. Ano po'ng ibig ninyong sabihin?**

***S. Mahirap na lamang ang magsalita.***

**T. Napuna ko po sa ating pag-uusap na nahahanda kayong magtrabaho kahit ng mahirap na gawain. Mayroon po tayong nakatiwangwang na mga lupain.**

***S. Nauunawaan ko ang ibig mong sabihin. Na, ako'y tumungo sa bukid. Nais ko ring maging magbubukid. Alam kong maaari akong umunlad diyan.***

**T. Bakit po hindi kayo magtungo sa mga pook na iyon para magsaka?**

***S. Sa palagay mo kaya'y mgaagawa ko? Saan kami kukuha ng pamasahe? Ng magagastos sa pagkain at damit?***

**T. Nakalaan pong tumulong ang pamahalaan, hindi po ba?**

***S. Nakalaan nga, nakalaan. Nguni't hindi sapat iyan. Ang kailangan ay ang talagang tulong.***

**T. Pag-usapan po natin ang palatuntunang rehabilitasyon na may kinalaman sa reparasyon. Wala po ba kayong matagpuang gawain doon?**

***S. Kung sa matatagpuan ay mayroon. Ang masakit lamang ay naunahan ako ng mga Dyapok.***

**T. Paano po nangyari ang gayon?**

***S. Sa pagbabayad ng Hapon ng reparasyon, mga Dyapok ang gumagawa ng maraming trabaho. Kaya ako at ang ilang walang mapasukan ay... heto, wala pa ring mapasukan.***

**T. May kumpitensiya rin pala riyan, ano po?**

***S. Kung naging mayaman lamang ako...!***

**T. Paano po kayo yayaman kung wala kayong trabaho?**

***S. At paano ako makapagtatrabho kung hindi ako mayaman?***

***(Sundan sa pah. 20)***

### "SA BAHAY KA NA LANG, ATONG!"

Sabado ng hapon at unang araw na sasahod si Atong. Nguni't malungkot ito nang dumating. Hindi nakatiis si Caring na hindi magtanong:
—Bakit, Atong, araw pa naman ng sahod mo'y tila malungkot ka?

Pinalamlam pa muna ni Atong ang kanyang mga mata bago sumagot: —Oo nga, e. Kasi'y hindi ko akalaing gano'n ang mangyayari.

—Bakit? —kinabahan na si Caring.

—E, akalain mong matapos kong bayaran ang aking meryenda, mga utang, sigarilyo, at naipatalo sa huweteng ay pamasahe na lang pala ang natira!

DAHIL SA SUWITER, ANG MATAMIS NA PAGTITINGINAN NI DANIEL AT NI LILING AY LALONG TUMINGKAD

# Ang Suwiter

**ni Galeny G. T. Manalaysay**



NAKAKINTAL sa isipan ni Daniel nang umagang yaon ang kanyang bibilhin pagkasahod ng suweldo sa pinapasukang bahay-kalakal — ang nagustuhan niyang suwiter na naka-display sa isang malaking tindahan sa Abenida Rizal. Yaring-Amerika ang suwiter. Lana iyon. Maganda at makapal. Bagay na bagay sa taglamig at kung gabing maginaw. At namumurahan siya sa halaga, ayon sa nakasulat sa *tag*.

Nguni't hindi para sa kanya ang suwiter. Ibibigay niya iyon kay Mang Damian, ang ama ng kanyang maybahay na si Liling. Ibig niyang makapagsuot ng makapal ang may katandaan nang si Mang Damian, laluna sa gabi, sapagka't ito'y maginawin. Magiginhawahan si Mang Damian at makakatulog nang mahimbing, ang kanyang nasasabi-sabi.

Talagang maalalahanin si Daniel sa mga magulang ng kanyang asawa. Simula pa lamang ng kanilang pagsasama ni Liling ay nagpamalas na siya ng mabuting pakikisama at kabaitan sa mga ito. Lagi niyang niyayakag si Liling na dalawin ang mga ito, kailanma't may pagkakataon at maluwag sila. Inaalam niya sa tuwina ang kalágayan ni Aling Masang, ang ina ni Liling, at gayundin si Mang Damian. Pinaaabutan niya ng inaakala niyang kailangan.

At hindi siya nanghihinawa sa mabuting ginagawa sa mga kinauukulan. Kawikaan niya'y isang tungkulin iyon sa mga magulang ni Liling na mga magulang na rin niya.

Kaya, siya nama'y sabi-sabi ni Aling Masang at ni Mang Damian. Ipinagmamalaki ng mga ito ang kanyang kabutihan at kabaitan. Laging nababanggit ang kanyang magandang pakikisama at palagay niya sa mga ito.

Minsa'y si Daniel lamang ang dumalaw kina Aling Masang at Mang Damian pagka't abala si Liling sa patahian nitong nasa silong ng kanilang bahay. Maraming tinatahing madalian si Liling kaya hindi nakasama sa kanya.

—At naramdaman kong natuwa ang nanay nang abutan ko ng pera, —ang sabi niya kay Liling nang siya'y umuwi. —Tila may mahigpit na pangangailangan ay tumama naman sa pagdating ko.

—Eh, saan daw kaya gagamitin ang ibinigay mo? —tanong ni Liling.

—Sabi'y idaragdag sa bayad ng biniling kalabaw, —ang kanyang sagot. —Bumili sila ng bago, sapagka't matanda na si Kalakian. Ang bagong kalabaw ang ginagamit ng tatay sa pag-aararo sa kataasan.

—Ganoon pala... —sabi ni Liling.

—Oo! —sagot uli niya. —Bali ba, sabi ko sa tatay ay tumigil na ng pagtatrabaho, nguni't ayaw pumayag. Sabi'y lalo raw siyang manghihina kung hindi siya gagawa!

At natutuwa niyang ipinagparangalan kay Liling ang kung anu-anong uwi niyang padala ni Aling Masang at Mang Damian. May sari-saring gulayin saging na pahinugin, mga papayang manibalang at dalawang manok na matataba. Iyan naman ang ugali ng mga magulang ni Liling: hindi maaaring hindi magpauwi ng mga gustong-gusto nila ni Liling at laging nagdadala sa kanila kung dumadalaw.

—Bilin ng nanay ay patayin natin ang manok at sahugan ng papaya, — wika ni Daniel kay Liling. —Ang sabi ko naman sa kanya'y makakapista na naman tayo. Ang tawa ng nanay, eh!

—Kow... ikaw ang panay ang langis mo sa nanay! —tugon sa kanya ni Liling at pinukol siya ng nagbibirong tingin.

Samantala, sila naman ni Liling ay uliran sa pagsasama. Magkasundung-magkasundo sila at hindi naririnig ng kapitbahay ang kanilang bibig minsan man. Bihira silang magkatampuhan at magkagayunma'y madali namang nagkakasundo at nagkakaunawaan, laluna nang sila'y magkaroon ng supling. Sinasabi-sabi tuloy nina Aling Masang at Mang Damian na mapalad ang kanilang anak na si Liling sa pag-aasawa sa kanya, sapagka't siya'y ulirang magpamilya.

NANG makasahod nga ng suweldo si Daniel nang araw na iyon ay pinuntahan agad ang suwiter na nagustuhan at kanyang binili. Maingat niyang ipinabalot iyon, upang huwag marumihan at maayos na maiabot kay Mang Damian. Nawika niyang tiyak na matutuwa si Mang Damian at isusuot iyon at kaipala'y ipagmamalaki kung kanino.

Subali't ilang kaibigan ang kanyang nakita at hindi siya nakatanggi sa yakag ng mga ito na sila'y maglibang. Napagkaisahan nilang magtungo sa *night club* na lagi nilang pinupuntahan, kung nagkakasama-sama silang gaya niyon at panay na bagong sahod.

At sila nga'y nagkatuwa. Nagkawilihan. Lasing silang magkakabarkada nang maghiwa-hiwalay, nguni't hindi matindi ang kanyang pagkalasing. Matibay siya sa alak at hindi naman umiinom nang labis.

Palibhasa'y malalim na ang gabi, nang dumating siya sa bahay ay tulog na si Liling. Marahan ang kanyang kilos at ayaw magpamalay, di dahil sa magagalit si Liling, kundi ayaw niyang ito'y magagambala pa. Mangyari'y alam niyang maraming tinatahi si Liling at ito'y gabi nang magpahinga. Hindi naman nagagalit si Liling kahi't siya ginagabi nang gayon at mabatid na sa paglilibang galing.

Bago siya natulog, ang suwiter na nababalot ay kanyang ipinatong sa mesa sa kanilang silid-tulugan at balak na kinalingguhan dadalhin niya kina Mang Damian. Mahimbing siyang nakatulog. Tinanghali siya nang kaunti nang magising kinumagahan.

Sapagka't nalalaman niyang sa araw na iyon ay maramiang tatapusin niyang mahalagang bagay sa opisina, siya'y nagmadali sa pagbibihis at sa pag-aalmusal. Papanaog na siya nang magunita niyang sabihin kay Liling ang kuwaltang uwi niya nang sinundang gabi.

—Inilagay ko sa kahon ng aparador! —sabi niya sa asawang natatawa sa kanya, sapagka't kung minsa'y malilimutin siya. Nabiro tuloy siya ni Liling na baka kung ano na ang nagiging sakit niya at ito ay kanyang hinalikan.

Nguni't nalimutan pa rin niyang ipagbilin kay Liling na itago ang suwiter na kanyang iniuwi at nakasakay na siya sa *jeep* nang magunita iyon. Natawa siya nang lihim pagka't ibig niyang kayamutan ang sarili. Kasi'y nakainom na naman siya ng alak, ang kanyang lihim na nawika. Ganoon siya kung nakaiinom.


At hindi na siya nagpalikwad-likwad nang hapong lumabas siya sa pinaglilingkuran. Tuluy-tuloy siyang sumakay sa maghahatid sa kanya sa kanila. Ayaw niyang makita pa siya ng mga kaibigan at baka kung saan na naman siya ipagsama.

DATAPUWA'T nagulat siya nang makarating sa kanila. Nakita niyang naroon ang kanyang amang si Mang Enteng at nilalaro ang kanyang dalawang anak na sina *Junior* at Nene. Tuwang-tuwa ang dalawang musmos at gayundin naman si Liling na naghahanda ng kape na alam niyang ibibigay kay Mang Enteng. Alam ni Liling na magustuhin ng kape ang kanyang ama at hindi maaaring hindi ito dulutan kailanma't lumilipat sa kanila. Hindi kalayuan sa kanila ang bahay ng kan-


(*Sundan sa pah. 19*)

# Dr. Pio Valenzuela: MANGHIHIMAGSIK At PULITIKO

ni Arturo Ma. Misa



Isang larawan ni Dr. Pio Valenzuela na kuha noong siya'y nanunungkulan pa bilang gobernador ng Bulakan, nang taong 1921-1925.



Isang larawang-guhit ni Luciano Alejandrino sa makasaysayang pakikipagkita ni Dr. Valenzuela kay Dr. Jose Rizal sa Dapitan, Mindanaw, upang isangguni ang sinisimulang lihim na kilusan nina Andres Bonifacio sa paghihimagsik laban sa pamahalaang kastila...

SA PANAHONG ito ng malaking pagbabago ng daigdig, maraming mga bayani ng lahi ang halos limot na ng madla, bagaman ang mga nagawang kabayanihan ay nakatitik sa aklat na ginto ng ating kasaysayan.

Kabilang sa mga dakilang bayaning bihirang mabanggit. lalo na ng mga kabataan, ay si Dr. Pio Valenzuela ng Pulo, Bulakan. Subali't sa katotohanan, si Dr. Valenzuela ay isang magiting na bayani na may malaking naiambag sa kanyang Inang Bayan. Isa siya sa mga naging katulong nina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto sa pagpapalaganap ng lihim na kilusan, gayundin sa pagsasabalikat ng mabibigat na gawain sa ikalalaya ng ating bayan.

Ang sumusunod ay siyang maikling bahagi ng talambuhay ni Dr. Pio Valenzuela.

Si Dr. Valenzuela ay nakilala ng lahat bilang isang masipag na manggagamot na laging tapat sa kanyang mga gawain at tungkulin. Dahil sa kanyang katapatan at angking mga katangian, siya ang sinugo ni Andres Bonifacio upang makipagkita kay Dr. Jose Rizal sa Dapitan, Mindanaw. Ang layon ng mapanganib na misyong yaon ay ipagbigay-alam sa dakilang bayani ng ating lahi ang tungkol sa lihim na kilusan at sa kanilang binabalak na paghihimagsik laban sa pamahalaan.

Noong Hunyo, 1896 ay tumulak sa Maynila si Dr. Pio Valenzuela na kasama sina Raymundo Mata, isang bulag na pasyente, at Rufino Magos na kapuwa taga-Kawit, Kabite. Sa paglalakbay na yaon ay nakasabay nila sa bapor **Venus** sina Josefine Bracken, Narcisa Rizal at Angelica Rizal Lopez, kasintahan, kapatid at pamangkin ng bayani.

Nang sumapit sila sa Dapitan ay agad ipinagtapat ni Valenzuela kay Rizal ang tungkol sa kanilang layunin. Malungkot na napailing ang bayani at sinabing siya ay hindi salungat sa kanilang binabalak, kaya lamang ay hindi pa panahon upang isagawa ang paghihimagsik. Sinabi pa ni Rizal na kailangang mapalaganap muna ang kanilang kilusan at akitin ang mga aristokratang Pilipino, na siyang higit na may malaking maitutulong sa kanilang binabalak.

Kinabukasan, matapos masuri ang mga mata ni Raymundo Mata ay nagpaalam na sina Valenzuela. Nang ang pangkat ay makarating sa bahay ni Tandang Sora sa Gulod ng Banilad, na siyang kinaroroonan nina Bonifacio ay agad ibinalita ni Valenzuela ang naging bunga ng kanilang lakad.


Bilang pagtupad sa payo ni Rizal na mapalaganap ang lihim na kilusan ay inutusan ni Bonifacio si Guillermo Masangkay sa Kawit, Nobeleta at Imus upang magtatag ng Katipunan. Si Valenzuela naman ay nagtungo sa Polo, Ubando at Malolos at hinimok ang kanyang mga kaibigan upang matulungan siya sa pagtatatag ng Katipunan.

Sa kanyang pagbabalik sa Maynila ay dumaan sa kanilang bahay sa Polo si Dr. Pio Valenzuela. Pinagsabihan siya ng kanyang mga magulang na kailangang iwasan na ang kanyang mga gawain sa lihim na kilusan at sa halip ay magsanay ng kanyang propesyon bilang manggagamot.

—Ikinalulungkot ko na hindi kayo mapagbigyan sa inyong kahilingan. Kailangan ng aking bayan ang aking paglilingkod. Ngayon din ay magtutungo ako sa Balintawak upang makipagkita kay Bonifacio at ibalita sa kanya ang bunga ng aking mga lakad upang maitatag ang kilusan ng Katipunan sa ating lalawigan.

Ang matigas na paninindigan ni Valenzuela ay iginalang ng kanyang mga magulang. Nang araw ding yaon ay nag-

**NATIKMAN NI MANG KARYAS ANG PARUSA NG MGA HAPONES; NAGGERILYA NAMAN SI MARIO UPANG IPAGHIGANTI ANG AMA**



# Sa Ibabaw ng Gulod



nobela ni MODESTO B. MANZANARES

(Ika-12 Labas)

HINDI pa gabi, nguni't sa loob ng kulungan sa garisong pinagdalhan kay Mang Karyas at sa lima pang lalaking nakasama niyang hulihin ay anag-ag lamang ang liwanag. Nalilibot ng pader ang silid-kulungang iyon. Sa mumunting butas ng yerong bubong at sa siwang sa tagiliran niyon nakapaglalagos ang kaunting liwanag.

Marumi at amoy-lupa ang kulungan. Nang patulak na ipasok doon ng mga kawal na Hapones si Mang Karyas, sa simula'y napakadilim ng kanyang tingin. Bahagya lamang siyang makaanag-ag sa paligid. Nguni't sa may kung ilang oras na itinigil na niya roon ay malinaw na niyang nakikita ang mga bagay sa loob ng kulungan. Iginala niya ang tingin sa sahig na lupa. Inaninaw iyon. Nakakita siya ng mantsang kaiba sa kulay ng lupa, at sa kakatwang amoy na nalalanghap niya ay nakuro na niya kung ano iyon: dugong natuyo.

May kilabot na gumapang sa katawan ni Mang Karyas. Parang ibig niyang masiraan ng loob. Subali't madaling nanumbalik ang kanyang hinahon. Hindi siya dapat patangay sa takot. Kung anuman ang mangyari sa kanya ay dapat niyang tibayan ang kanyang loob.

Inilibot niya ang tingin sa mga lalaking nakukulong din sa garison. Bukod sa limang lalaking kasabay niyang nadala roon, isa pa ang dinatnan na nila sa kulungan. Buto't balat na iyon. Nanlalalim ang mga mata. Humpak ang mga pisngi. Sinabi sa kanila ng lalaki, nang ito'y makausap nila, na kung ilang araw na itong hindi pinakakain ng mga Hapones. Diumano'y napagbintangan din itong gerilya. At batid ni Mang Karyas na mga ilang araw pa lamang sa kulungang iyon ay magiging katulad na ng lalaking iyon ang kanilang ayos. Magiging buto't balat din sila.

Napabuntunghininga si Mang Karyas. Napatingin siya kay Mang Inte, isa sa kanyang mga kasama. Nagpanama ang kanilang mga mata. Lumapit sa kanya si Mang Inte.

—Ano kaya'ng gagawin sa atin? —naitanong ni Mang Inte.

—Ewan. Kung anuman ang gawin nila'y... nahahanda na ako.

—Ako man. Hindi ko nga lamang maiwasang alalahanin ang aking mag-iina. Kung sa bagay ay malaki na ang aking si Imon. Kaya na niyang pamilyahin ang kanyang ina't kapatid. Pero mainit ang ulo ng anak kong iyon. Parang natitiyak kong hindi niya ikatatahimik ang sinapit ko hanggang hindi siya nakagagawa ng... Ang inaalaala ko'y baka maggerilya rin si Imon. E, kaawa-awa ang aking dalawang mag-inang maiiwan sa bahay.

—Mainit din ang ulo ng aking si Mario, —wika naman ni Mang Karyas. — Pero hindi ang paggegerilya niya ang aking inaalaala. Bata pa si Mario. Saka hindi ako naniniwalang maiisipan niya ang pumasok ng gerilya. Ang inaalaala ko'y ang kanyang kawalan ng responsibilidad. Alam mo na namang malimit kong mapalo ang anak kong iyan. Ibang-iba ang ugali niya sa mga kapatid. Kung malalaki na nga lamang sina Fred at Victor, hindi ako masyadong mag-iintindi. Mababait ang dalawa kong anak na iyon. Palagay ko'y maaasahan ng ina: Pero si Mario ko...

—Ano sa palagay mo... —mayamaya'y wika ni Mang Inte. —Bakit kaya tayo natukoy na lahat ng mga Hapon? Lahat naman tayong dinala rito'y panay gerilya, a. Hindi sila nagkamali. Tiyak na tiyak ng espiyang kasama nila ang ginawa nitong pagtuturo.

Hindi kumibo si Mang Karyas. Nag-iisip siya.

—May hinala ako sa ating tininti, —patuloy na sabi ni Mang Inte. —Hindi mo ba napansing wala siya noon? Hindi siya nakasama sa mga lalaking pinapila ng mga Hapon. Saka hindi mo ba napagmasdang mabuti ang ayos ng espiya? Hindi nga natin makilala pagka't ang mukha ay may takip na bayong na binutasan sa tapat ng mga mata. Pero sa tindig at sa paglakad... ang tingin ko ba'y nakakahawig ni Timinting Kiko.

—Siyanga... —at matagal na natigilan si Mang Karyas.

—Talaga namang maka-Hapon ang tininti nating iyon, a. Hindi ba't Sakdal iyon? E, hindi ba't no'ng pis taym ay talagang galit na ang mga Sakdal sa Amerika? Hindi ba't nang mag-alsa ang mga 'yan noong 1935 ay naniniwala silang darating dito ang Hapon para tayo tulungan?

Napatango si Mang Karyas.

Mayamaya'y nabuksan ang pinto ng kulungan. Isang kawal na Hapones ang pumasok. Nilapitan si Mang Inte at marahas na inilabas sa kulungan.

—Kung anuman ang mangyayari sa akin, Karyas, —iniwang salita ni Mang Inte bago nailabas ng Hapones, —ibalita mo na lamang sa aking pamilya... kung susuwertihin kang makabalik sa atin.

Matagal na naghintay si Mang Karyas. Pagkaraan ng may mahigit na isang oras ay ibinalik si Mang Inte sa kulungan. Nguni't hindi ito makausap. Halos walang malay-tao. Tadtad ng latay ang mukha. May dugo pang natuyo sa likod ng damit.

Dali-daling nilapitan ni Mang Karyas si Mang Inte. At nang ililis niya sa likod ang baro nito ay nakita niyang may mga bakas ng panghampas ang likod ni Mang Inte. Doon nanggaling ang dugong

mumantsa sa damit nito.

Dalawa pang lalaki ang isinunod kay Mang Inte na inilabas ng mga Hapones. At nang magbalik ang mga iyon ay katulad din ni Mang Inte ang ayos.

Nang maglinaw ang kamalayan ni Mang Inte ay nakausap ito ni Mang Karyas.

—Akala ko'y hindi ko na maiaagdon ang pagpaparusa sa akin, —humihingal na wika ni Mang Inte. —Naidalangin ko tuloy na mabuti pang mamatay na ako... noon... Kung sakali't ikaw naman ang kanilang kunin para parusahan... tandaan mo, sanang higit na mahalaga kaysa ating buhay ang kapakanan ng ating bayan. Pasisigawin ka nila. Pero ... huwag mong isisigaw ang mga kasamahan natin. Huwag mong ipagtatapat kung saan sila nagkukuta. Tandaan mo iyon, Karyas.

—Tatandaan ko, —mataimtim na usal ni Mang Karyas. —Hindi nila ako mapasisigaw. Mabuti pang patayin na nila ako...

At dumating nga ang sandali ni Mang Karyas. Kinuha siya ng isang kawal na Hapones sa kulungan. Dinala sa isang silid ng garison at iniharap sa mabalasik na punong naghihintay roon. Maraming itinanong sa kanya ang puno. Ipinaliliwanag ang mga iyon ng interpreteng Pilipino na nasa silid din. Nguni't hindi sumagot gaputok man si Mang Karyas.

—Saan nagtatago ang mga kasamahan mo? Sinusino sila? Sino ang inyong puno? ... —Mga katanungan iyang paulit-ulit na sinasabi sa kanya ng interprete.

Sa yamot ng punong Hapones ay dalawang magkasunod na sampal ang pinadapo sa mukha ni Mang Karyas nang hindi ito mapaimik.


Mayamaya ay ang makahayop na pagpaparusa. Hinubaran ng baro si Mang Karyas. Ibiniting pataas ang dalawang kamay. Saka inasbaran ng sunud-sunod na hampas sa likod. Hindi mabilang ni Mang Karyas kung gaano karaming hampas ang kanyang tinanggap. Nang matapos ang mga iyon ay naramdaman niyang tila siya walang kalakas-lakas. Nalugmok siya nang kalagin ng berdugong nagpaparusa sa kanya ang pagkakabitin ng kanyang dalawang kamay. Pagahasa siyang itinindig niyon saka pasalyang iniupo sa bangko sa harap ng mesa ng mabalasik na puno.

Muli siyang tinanong. Hindi pa rin siya napasa-

(*Sundan sa pah.* 19)

# ito ang istorya...

ni YOYONG FLORENCIO




*SA BUHAY ng tao, ayon kay Tata Indo, ay maraming pangyayaring nakahihiyang malaman ng iba. Hindi raw sa anopaman, kundi, basta nakahihiya. Mga pangyayari raw na kung maaari'y kailangang manatiling lihim gayong hindi naman gaanong napakamaselang na bagay Gaya na lamang ng nangyari sa kanya noong isang Biyernes, no'n bang libing ng Mahal na Pangulong Magsaysay. Nakatutuwa pa nga, pero tiyak na apapahiya siya kapag nalaman ng iba kaya ayaw na niyang ipagsabi. Pagtatawanan lamang daw siya.*

*Ang nangyari kay Tata Indo noong libing ng Pangulong Magsaysay ay talagang nakatutuwa. At para nga kay Tata Indo, e, nakahihiyang malaman iyon ng iba. Kaya, ako man ang kasama ni Tata Indo at nalalaman ko ang lahat, e, ipagpaumanhin ninyong hindi ko masabi sa inyo kung ano iyon. Ang istorya na lamang ang sasabihin ko... Ito...*

## Naligaw Kami Ni Tata Indo

Sa lahat ng apo ni Tata Indo, hindi hu naman sa pagmamalaki e, ako ang paborito niya. Mangyari'y ako lamang ang nag-aaral at nakakaintindi ng kaunting pagbasa. Na sa greyd tri na'ko 'kala n'yo. nababasa ko na ang letrang nakasulat sa saynbord ng bus na bumibiyahe sa lugar namin. At ang sabi ni Tata Indo, pag marunong na akong bumasa ng pangalan ng mga kalye'y makaluluwas na kami ng Menila nang hindi maliligaw.

At noong isang Biyernes nga, araw ng libing ng Pangulong Magsaysay, matapos kong tiyakin kc Tata Indo na makababasa na ako ng mga pangalan ng kalye, lumuwas kami.

Seguro naman, e, nakita n'yo. Karami ng tao sa Menila noon. Ayon sa sabihan sa aming nayon, sa Luneta raw magsisimula ang prusisyon ng libing. At ang Luneta ang hinanap namin ni Tata Indo.

Lingid kay Tata Indo, hindi ko alam kung ano ang sasakyan papuntang Luneta. Hindi ko naman masabi sa kanya at baka kutusan ako. Tiniyak ko kasi sa kanya na alam na alam ko ang mga pasikut-sikot sa Menila. Sinabi ko na lamang kay Tata Indo na wala na kaming masasakyan papuntang Luneta. At naglakad na lang kami.

Marunong nga akong bumasa ng mga kalye, pero, ang hirap, kabi-kabila'y tao. Tao rito. Tao ro'n. Mukha rito, mukha ro'n... Wala na kaming makita kundi panay mukha. Hindi ko tuloy malaman kung nasa'n na kami. Pero, lumakad kami nang lumakad ni Tata Indo. Nakipagsiksikan kami nang nakipagsiksikan. Nakipagunahan kami nang nakipag-unahan. Lakad. Yumayagyag pa kami ni Tata Indo kung minsan. May tiyempo pang sinusumpong ako ng nerbiyos pagka't baka 'kako naliligaw na kami.

—Talaga bang alam mo ang Bagumbayan, ha, bata ka? —Nagdududa nang tanong ni Tata Indo nang makaramdam ng pagod sa pakikipagsiksikan namin.

Hindi ako nakasagot, pero pinilit kong alamin ang kinaroroonan na namin. Lilinga-linga ako nang makarinig ako ng mga sigawan. *Lapit sa bangos. Walang ilado rito. Lapit kayo.* Pakanta pa ang pagkakasigaw ng tindera. At biglang nag-init ang punong tainga ko. Maingat kong pinakikiramdaman si Tata Indo nang maramdaman kong hawak na niya ang tainga ko.

—Pinutukan ng pusil na ito't sinasabi ko na nga ba, e... Palengke ito, damuho ka, —hawak pa ang tainga'ko'y sabi ni Tata Indo.

Ibig kong matawa, pero masakit ang tainga ko. Hindi naman ako makaiyak. Kasalanan ko.

—Teka't ako na nga ang mauuna. Natatandaan ko pa kung sa'n ang Bagumbayan.

—Pero, Tata, maraming tao.., Hindi hu naman sa ano, baka lalo lamang tayo'ng maligaw, —tutol ko. Alam na alam kong may ilang siglo na yatang di natutuntong ng Menila si Tata Indo.

—Aw, ma'no kung maraming taong d'yaski. —At nagpauna na nga si Tata Indo. Ako ang akayakay niya ngayon. —Hindi ba't ganito ring karami ang tao ng barilin si Jose.

—Sinong Jose, Tata?

—Sino pa, e, di 'yang si Rizal. Kababata ko 'yang si Jose, 'kala mo. Nagaalangan na nga lamang akong tawagin siya ng Pepito pagka't marami na'ng hanga sa kanya, e.

Nagpatuloy kami ni Tata Indo. Akay, akay, akay ang ginawa niya sa akin. Sunod naman ako nang sunod. Hindi ako makatutol. Diskump'yado na rin ako sa sarili ko at baka maligaw na naman kami. Pihadong aabutin na naman ako. Iiyak na ako nang makasampung beses sa lugar namin, huwag lang sa Menila.

Sunod ako nang sunod kay Tata Indo nang bigla siyang mapatigil at mapaurong nang dahan-dahan. Nauna pa siya sa akin nang pag-urong. Saka ko nakita ang ilang tila mga kamag-anak ni Dyo Lowis, ang lalaki ng mga katawan. May mga hawak silang mahahaba at mapuputing kutsilyo.

—Tena, Yoyong... nad'yaski na naman tayo,—nang malayo na ang nauurungan namin ay nasabi ni Tata Indo.

—Bakit, Tata? Bakit may dalang mga kutsilyo ang mga mamang iyon?

Malayo ang isinagot ni Tata Indo. —Damuho ka. Bakit hindi mo sinabing matadero pala'ng nasusuutan natin?

—Anong matadero, Tata? —Noon ko lamang narinig ang salitang iyon.

—Patayan ng baka, baboy... Tena, tena...

MATAGAL bago kami nakalabas ng palengke. Pareho na kaming basangbasa ng pawis ni Tata Indo.

—Ano na bang kalye ito, ha, Yoyong? Ba'y magbasa-basa ka na at baka...

Naghanap ako ng mababasa. Marami akong nababasa nguni't hindi ko masabi kay Tata Indo. Baka hindi pangalan ng kalye ang mga iyon.

—O, ano... nakapagbasa ka na ba? Ang d'yasking ito'y niluko lang 'ata ako, e... Baka hindi ka pa marunong bumasa?

—Hindi, Tata... —Muli

(*Sundan sa pah.* 20)



# DAMBANA at Pangako

nina MARTIN P. PANTALEON at GREGORIO R. FLORENCIO

**KASAMA ANG MGA MATONG SINA KARYAS AT TINOY, SINUNDAN NINA GINOONG BUENAFLOR AT LUIS SINA EDDIE AT AIDA**

(Ika-30 Labas)

MAY ilang butil ng pawis na gumigiti sa noo ni Ginoong Buenaflor nang ibaba niya ang awditibo ng telepono.

Waring tinakasan ng lakas, matamlay siyang lumapit kay Ginang Buenaflor na larawan ng pagkabigla. Saglit na nagkaugnay ang kanilang tingin.

—Nagtanan si Aida, —tiim-bagang na sabi ni Ginoong Buenaflor.

—Nagtanan? —nagugulumihanang tanong ni Ginang Buenaflor.

—Oo. —ani Ginoong Buenaflor. — At ibig akong makatagpo ni Luis sa isang palamigan sa Maynila. Mahalagang bagay raw ang pag-uusapan namin.

Gaya ni Ginoong Buenaflor, nagimbal si Ginang Buenaflor nang malamang na sa Pilipinas si Luis. Nabadha sa kanilang anyo ang pagkagulumihanan. Walang malamang gawin. Nasa gayon silang kalagayan nang muling kumuliling ang telepono.

Si Ginoong Buenaflor din ang sumagot sa tumawag —ang ina ni Chit. Ibinalita niyon na nagtanan sina Chit at Ramon. Na, sina Chit ay nagtuloy sa isang kamag-anak ni Ramon sa Maynila.

Madaling tinapos ni Ginoong Buenaflor ang pakikipag-usap sa ina ni Chit. Maging nang magkaharap silang muli ni Ginang Buenaflor ay matipid ang kanyang pagsasalita, parang nais sarilinin ang mga sandali sa pag-iisip.

—Tumawag na raw si Ramon at ipinagtapat na nagtanan sila ni Chit, — wika ni Ginoong Buenaflor. —Uuwi na raw sina Ramon kina Chit.

Dahil sa ibinalita ng ina ni Chit ay napawi ang bahagyang alinlangan ni Ginoong Buenaflor na nagtanan si Aida. At sumaloob niyang si Eddie ang kasama ni Aida. Sa kanya, ang kutob na iyon ay hindi niya matatanggap magkatotoo man, kahit pamuhunan niya ng buhay.

Nguni't sa mga sandali ng gayong pagkabalisa'y malabis na nagtataka si Ginoong Buenaflor kung bakit nalaman ni Luis ang nangyari... kung bakit nakabalik sa Pilipinas si Luis nang hindi niya nalaman.

—Nahiwatigan kong may binabalak gawin si Luis, —nasambit ni Ginoong Buenaflor. —Isang magandang balak, Tindeng.

—Ano iyon? —may himig ng pananabik ang tinig ni Ginang Buenaflor.

—Ang pag-agaw kay Aida, —tugon ni Ginoong Buenaflor.

—Pepe...! —Napatayo si Ginang Buenaflor. — Huwag mong payagang gawin niya ang gayon kay Aida. Wala siyang karapatang hadlangan si Aida.

—Upang mapangasawa ng lalaking kinamumuhian ko? Upang mabigo ang kahuli-hulihan kong pag-asa? —Mapakla ang ngiting nagkahugis sa mga labi ni Ginoong Buenaflor. —Huwag kang hibang, Tindeng.

At nagkukumahog na lumabas si Ginoong Buenaflor. Napabulalas ng iyak si Ginang Buenaflor. Nguni't patuloy ang mabibilis at mariring yabag na papanaog hanggang sa maparam sa mga hikbi ni Ginang Buenaflor.

Nang muling makaulinig ng mga yabag ay nagtaas ng ulo si Ginang Buenaflor. Subali, lalo lamang siyang napaluha nang si Inday ang makitang nakatayo sa bukana ng pintuan.

Gaya ng dapat asahan, mabilis ang takbo ng awtong sinakyan ni Ginoong Buenaflor. Parang nakikipaghabulan sa mga sandali si Ginoong Buenaflor. At pagkatapat sa isang himpilan ng *public telephone* ay bumaba siya.

Habang hinihintay ang pagsagot sa kabilang dulo ng kawad ay nagpalingalinga si Ginoong Buenaflor. Lihim siyang nasiyahan nang maulinigan niya ang tinig ni Karyas.

—Si Mister Buenaflor ito, —pagpapakilala niya. —kailangan ko ang tulong ninyo ni Tinoy ngayon, Karyas.

—..............?

—Ngayon din, —ani Ginoong Buenaflor. —Hintayin ko kayo rito, sa panulukan ng Lepanto at Azcarraga.

—..............

—Huwag mo nang itanong kung ano, —payamot na sabi ni Ginoong Buenaflor. —Basta magtungo kayo rito sa madaling panahon.

SAMANTALA, nagambala ang pagniniig nina Don Servando at Donya Rita nang lumapit ang kanilang tsuper at sabihing nakita si Luis.

—Nakita mo si Luis? —hindi makapaniwalang tanong ni Don Servando.

—Opo, ulit ng tsuper. —Nagmamaneho siya ng awto.

Nagkatinginan sina Don Servando at Donya Rita.

—Sinundan mo sana siya, —pakli ni Donya Rita.

—Gayon nga po ang ginawa ko, —anang tsuper. —Ipinarada niya ang kotse at pumasok sa isang palamigan. Umiinom siya ng serbesa nang iwan ko roon.

—Kung gayon ay ilabas mo ang kotse at tutungo tayo roon, —utos ni Don Servando sa tsuper.

—At dali-daling tumalikod ang tsuper.

—Baka nagkamali lamang siya, —nag-iisip na badya ni Donya Rita habang sinusubaybayan ng tanaw ang papalayong tsuper. —Si Luis ay na sa Amerika...

—Ano ang malay natin kung bumalik siya panggagaling sa Hongkong sa halip na magtuloy sa Amerika? —patanong na sagot ni Don Servando. — Maaaring umuwi siya pagka't di natin pinadalhan ng sapat na salapi.

—Sana'y dito siya nagtuloy agad, —wika ni Donya Rita.

—Iyan din ang iniisip ko, Rita, —katig ni Don Servando. —Kung bakit hindi siya nagtuloy rito agad.

Si Don Servando'y inihatid ng tanaw ni Donya Rita mula sa durungawan hanggang sa makalabas sa tarangkahan ang kotse. Ibig maniwala ni Donya Rita na si Luis ang nakita ng kanilang tsuper. Matagal na siyang nag-aalinlangang na sa Amerika si Luis, pagka't wala silang natatanggap na liham.

Subali't, pinipilit iwaksi ni Donya Rita ang alinlangang iyon. Nananaig pa rin sa kanyang damdamin ang pananalig sa kabaitan ni Luis.

Sa kabilang dako, naging matagal kay Don Servando ang ilang sandaling nagdaan bago nila sinapit ang palamigang inihimaton ng tsuper. Paghinto ng awto'y nagmamadaling bumaba si Don Servando at pumasok sa palamigan, kasunod ang lilinga-lingang tsuper.

Nguni't wala roon si Luis.

—Nahan siya? —mahina, nguni't pagalit na usisa ni Don Servando sa tsuper.

—Diyan ko po nakitang nakaupo siya. —At itinuro ng tsuper ang isang hapag.

—Baka nangangarap ka lang nang gising, —patuyang sabi ni Don Servan-

ang suot!

Tiningnan siya ni Liling.

—Pero, —ang sambit nito, —iyon pala't sa tatay-Damian ang suwiter na iyon, eh, bakit hindi mo rin ibinili ang tatay-Enteng? Dapat sana'y dalawa ang binili mo!

—Eh, mangyari'y mabibili naman ng tatay ang gusto niya, —ang matuwid niya sa asawa na ang tinukoy ay ang sariling ama. —May pensyon naman siyang dumarating sa buwan-buwan at hindi sila kinukulang ng nanay.

Tutoo ang sinabi ni Daniel. Si Mang Enteng ay isang pensyonado, sapagka't tumanda sa paglilingkod sa pamahalaan.

—Alam ko! —ang sagot ni Liling. —Nguni't hindi mo maiaalis na sila ng nanay ay alalahanin ko. Tungkulin nating sila'y alalahanin, kahit hindi man ganap ang ating pagtulong!

Siya naman ang nakatingin nang tuwid kay Liling. Nagkaugnay ang kanilang mga paningin.

—Nalalaman ko at nauunawaan kita kung bakit gayon na lamang ang pagaalaala mo at pagtingin sa aking mga magulang, — ang turol sa kanya ni Liling na may kislap ang mga mata at naramdaman niyang sa ubod ng puso nito hinuhugot ang sinasabi. —Mangyari'y mahal mo ako at iniibig nang labis. At nauunawaan nga kita sa simula pa lamang *...minamahal mo ang mga mahal sa akin, sapagka't ako nga'y iyong minamahal!*

Napaluha si Liling: luha ng kaligayahan.

—At naging maligaya ako kailanman sa iyong piling, Dan! —ang patuloy ng babae. —Napakayaman ang pag-ibig na inilalaan mo sa akin. Kaya, tungkulin ko namang mahalin ang mga mahal sa iyo, sapagka't wala kang kapantay sa akin!

At noon natarok ni Daniel nang buong-buo ang nasa puso't kaluluwa ni Liling. Sinabi nitong kung sa kabilang buhay ay ipahihintulot ng Dakilang Maykapal na sila'y magkatagpong muli, kaluwalhatian ni Liling na malasap minsan pa ang kanilang ulirang pagmamahalan.

Nayakap niya nang matagal at nahagkan si Liling. Para bang batang-bata lamang at bago sa kanila ang pag-ibig. Nakita nila ni Liling na nasa kanila pala ang kaluwalhatian ng santinakpan. At pati ang kanilang dalawang musmos ay nadama nilang kahati nila sa kanilang nilalasap na kaligayahan!

KINĀBUKASAN, si Daniel ay bumili na naman ng isang suwiter. Katulad iyon ng unang binili niya. Hindi maaaring mabigo ang kanyang pagbibigay kay Mang Damian. (X)

—oOo—

## Sining...

(*Buhat sa pah.* 10)

nakababa. Humugot ng malalim na buntong-hininga, saka humakbang na papasok.

*Paglalakad na patawid sa bulwagan* — Ituwid ang ulo at huwag nakatungo. Sa pamamagitan nito ay makikita ang lahat ng mga na sa harapan ninyo. Ituon ang mata at isip sa mga bagay na malapit sa inyo pagka't ang ganito ay makatutulong upang malimot ninyong kayo ay minamasdan ng mga panauhin.

*Pag-upo sa luklukan* — Kung may mahandog sa inyo ng upuan, maupong marahan at huwag lilikha ng ingay. Iayos ang katawan sa anyong nagiginhawahan at hindi nakabaluktot o nakasandal kayang parang tinatamad.

*Kaayusan ng paa* — Sa simula ay ilapat sa sahig ang paa na ang isa ay nakadantay sa sakong ng isa. Pagkaraan ng ilang sandali ay masusunod na ninyo ang ayos na ibig huwag lamang lalabas na pangit sa mga na sa bulwagan. Kung tatayo naman ay pagpantayin muna ang dalawang paa at saka marahang tumindig.

*Kaayusan ng kamay* — Ang inyong kamay, kung walang hawak ay maaaring sumira sa inyong anyo sa gitna ng pagtitipon. Ang pinakamabuting paraan ukol dito ay ang ipatong sa kandungan ang mga kamay na bahagyang pinagsalubong; na ang isang palad ay nakalapat sa kandungan samantalang ang isa ay nakapatong sa isang kamay.

*Pagtayo* — Ang ayos ay tuwid ang ulo at ang timbang ay pinangangalagaang mabuti ng dalawang paa, samantalang ang isang paa ay bahagyang nakasulong sa dakong unahan. Iwasan ang mabigat na pagdadala ng katawan na parang ipinako sa sahig. Ang mga bisig ay kailangang maging magaan at waring nagiginhawahan. Hayaan itong nakababa sa magkabilang tabi ng katawan.

## Magandang Halimbawa...

**Halos sumabog ang dibdib ni Lilay at ni Turo. Namatay ang kaisa-isa nilang anak na aliw ng kanilang tahanan.**

**—Diyos ko! Bakit kailangang bagsakan mo kami ng ganitong parusa! Ano ang nagawa naming pagkakasala, Panginoon ko...! —pasigaw na panangis ni Lilay.**

**—Hindi na 'ko magsisimba! Walang habag ang Langit! Inagaw pa sa amin ang tanging kaligayahan naming mag-asawa! —pasigaw ding sambit ni Turo.**

**Lumapit sa mag-asawa si Mang Ipe, ang ama ni Turo. Hawak ang isang diyaryong may nakalarawang bata sa pangmukhang pahina.**

**—Nakikita ba ninyo ang batang ito? —ang wika. —Siya'y isang masamang bata. Pinatay niya ang sariling ama! Maaaring ang inyong anak, sino ang nakaaalam, ay ganito rin ang maging kapalaran. Kaya kinuha siya sa inyo ng Diyos —upang mailigtas ang bata sa malaking kasalanan at huwag kayong madulutan ng lalo pang matinding pagdurusa!**

**Hindi nakaimik ang mag-asawa. Pamayamaya'y nagliwanag na ang mga mukha, tandang maluwag sa loob na tinatanggap na ang naging kalooban ng Maykapal.**

PANGANGALAGA SA SARILI

(*Kagandahang-loob ni Nena Hermosa ng Fresco*)

Maraming "kayumanggi" ang nagtatanong sa amin tungkol sa mga angkop na kulay para sa kanila. Ang mga sumusunod ay bilang paliwanag sa mga nararapat sundin ng may kutis na "kayumanggi," maging sa pamimihis at sa pag-aayos.

*Damit*: Ang iminumungkahing kulay ay puti, dilaw, krema, kulay-kalabasa, murang berde at murang pula. Iwasan ang kulay biyoleta, kulay-lumot, matingkad na asul, subidong kape at abuhin.

*Alahas:* Piliin ang ginto at hindi ang pilak o oro-blanko. Ang diamante, sapiro, turkesa, perlas, at "jade" ay nakapagpapaputi sa may madilim na kutis..

*Pulbos:* Piliin ang pulbos na babagay sa kutis at hindi mapupuna kahit ipahid sa mukha. Iwasan ang madilaw-dilaw o kulay natural na pulbos.

*"Lipstick"* at *"nail polish"*: Gumamit ng "nail polish" na babagay sa inyong ginagamit na "lipstick." Hindi kailangang maging magkakulay na ganap; maaaring matingkad o mura, nguni't kailangang maging iisang "shade" ng pula — malinaw na pula, o *orange red* kaya.

Ang katamtamang tingkad ng pahid sa kuko ay nakapagdaragdag ng ganda ng kamay. Ang kayumangging kulay ng kamay ay binabagayan ng lahat ng kulay maliban sa "violet-pink".

*Mata:* Ang itim na maskara at berdeng "shadow" o ang kumbinasyon ng berde at kape ay nababagay, nguni't hindi dapat gamitin ito sa araw.

*Kilay:* Itim at kapeng *eyebrow pencil* ang dapat gamitin.

Iyan ang ilang mahahalagang bagay na dapat sundin sa pagpili ng kulay ng mga may kutis na "kayumanggi". Sa tulong ng wastong paraang ito, maaari ninyong mapaaliwalas ang kulay ng inyong pisngi, mapalalim ang hubog ng labi, at mapalinaw ang mga mata. Kung sabagay, ang paraang iyan ay nababago alinsunod sa kalusugan, timbang, hubog ng katawan at gulang. Kaya ang pinakamabisang paraang magagawa ay ang subukin ang mga kulay sa inyong gulang hanggang sa matuklasan ninyo ang wastong kumbinasyon. Kung matagpuan na ninyo ang kulay na bagay sa inyo, panatilihin at huwag matutuksong pumaris sa kulay na bagay at maganda sa iba. Alamin kung ano ang tunay na kulay na bagay sa inyo at ang damit na angkop sa inyong kaanyuan.

## Ito Ang Istorya ...

(*Buhat sa pah.* 17)

akong naghanap ng mababasa. *Bawal ang tumawid. Chek Inn Restaurant. Retoke Istudyo.*

—Nasa'n na ba tayo?

Wala pa rin akong makitang pangalan ng kalye. Hanap ako nang hanap. Hindi natagalan ay nakarinig ako ng salita mula sa isang radyo: *Hayan mga kaibigan, ipinapasok na ang kabaong natin ng Mahal na Pangulong Magsaysay. Ang ating Pangulo ay ipinapasok na ang kabaong. Ngayon ay ipinapasok ang ataul sa nitso kasama ang Pangulong Garcia.*

Nagkatinginan na lamang kami ni Tata Indo. Para niyang sinabi: *Nahuli tayo, Yoyong. Kasi ikaw, e...* *Naisaloob ko naman: Kungdi n'yo ako inakay papuntang matadero ay baka umabot pa tayo, Tata.* (X)

—oOo—

## Pakikipanayam

(*Buhat sa pah.* 12)

T. Nalilito po ako.

S. *Ako'y nagugutom.*

T. Nakikiramay po ako sa inyo. Sa ngayon po ba'y umaasa kayong makahahanap ng mapapasukan?

S. *Habang nabubuhay ako at nakakikilos upang gumawa. At nakahanda naman akong gumawa.*

T. Kailan naman po kaya matutupad ang inyong pagasa?

S. *Sa sandaling matupad ang isinasaad sa bibliya: "Ibigay kay Cesar ang para kay Cesar."*

—oOo—

## Beacon Hill

(*Buhat sa pah.* 7)

mga helikopter ng **Marine Air Group 16.**

Nguni't isang aeroplanong "Fury" (Jet) ang bumagsak at namatay ang piloto. Isa pang aeroplano — **Skyraider** — ang nasiraan ng makina, bagaman pilit na nakalapag sa paliparan sa Bitulok.

**Mga Pinuno**

Matapos masaksihan ang pagsasanay, ang "Beacon Hill" ay pinuri ng Pangulong Garcia at ni Heneral Lo dahil sa "kahanga-hangang tagumpay."

Nang tanungin ng mga mamamahayag sa pakikipanayam kamakailan kung ano ang "susi" ng tagumpay ng "Beacon Hill", sinabi ni Komandante John B. Mathews, puno

(*Sundan sa pah.* 30)


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
BILANG NAGWAGI SA TIMPALAK-KAGANDAHAN, SI NARDA AY NAGPUNTA SA ISANG BUKID AT NAGHINTAY. PAGKATAPOS--
?
?
MANDRAKE! BAKIT TAYO--TU-MATAAS?
TAYO'Y HINIHILA--PAITAAS--NG KUNG ANONG LAKAS--HINDI KO ALAM ITO!
1
GULP--DI KO NA SILA MAKITA--NAPAKATAAS--
IMPOSIBLE! MA AARI KAYANG MAHIKA NA NAMAN ITO NI MANDRAKE?
2
GISING BA TAYO--O ITO'Y MASAMANG PANAGINIP? BAKA--!
TAYO'Y GISING! LALONG BUMIBILIS--ANG HANGIN AY NUMINIPIS--AT LUMALAMIG--MAMAYA'Y MAGLALAHO! HEY--
3
SA ITAAS NILA'Y MAY ISANG MAKISLAP, TILA KRISTAL NA BAGAY. HINIGOP SILA NITO!
!
!
4
AT SUMARA ANG BUKASAN--AT SILA'Y MABILIS NA PUMAILANLANG! NAUMID SINA MANDRAKE AT NARDA.
5
1-20
© 1957, KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
AYWAN KUNG ANO'NG KINALAMAN NITO SA AKING (GULP) TIMPALAK-KAGANDAHAN. WALA AKONG NALALAMAN!
ANG NALALAMAN KO LANG AY MAGBABAKASYON KA SA BILANGGUAN HANGGANG SA MALUTAS ANG LAHAT NG ITO!
6
SUSUNOD: PAGHAHAYAG NG KAHIWAGAAN.


PAKANLURAN ANG MGA WEGON!
ni
WALT DISNEY
NANG TUMANGO ANG MANGGAGAMOT, ANG KAPATID NI LOBO AY PUMAYAG NA PAPASUKIN ANG TATLONG PUTI SA KUBOL NA KINARARATAYAN NI MUNTING KULOG...
INGAT, DOC! IKAW ANG SISISIHIN NI MABITUIN PAG NAMATAY ANG BATA! KAYA SIYA SUMANG-AYONG PAPASUKIN KA!
PAGKARAANG MAKAPAGSURI, IPINAABOT NI DOC ANG KANYANG KASANGKAPAN...
BALING PAYPAY. ISANG UGAT SA LEEG ANG NALAGOT. DUGO AT PRESYON...
MAY PAG-ASA PA BA...?
KUNG NAPAAGA TAYO'Y WALA SANANG PROBLEMA--PERO NGAYO'Y AYWAN KUNG...!
NANG ABUTIN NI DOC ANG PATALIM NA PANG-OPERA, LUMAPIT ANG PUNO... ANYONG GALIT AT NAGBABANTA...
ABA...? AH, NAIINTINDIHAN KO NA! HINDI MO AKO GAANONG PINAGTITIWALAAN.
IBINIGAY NI DOC ANG KANYANG PUNYAL SA AMA NI MUNTING KULOG...
HETO ANG PATUNAY NA GUSTO KO LAMANG TULUNGAN ANG BATA... HINDI SAKTAN!
1-20
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
NAKASIMANGOT, TINANGGAP NG KAPATID NI LOBO ANG PATALIM... HANDANG IULOS SA MANGGAGAMOT NA PUTI SA UNANG MALING HAKBANG NITO!
NGAYON, GUMAMOT KA --MABUTING PAGGAMOT!
Distributed by King Features Syndicate.
AT, SINIMULAN NI DOC ANG MASELANG NA OPERASYON. DALAWANG BUHAY ANG NATATAYA SA DULO NG DALAWANG PATALIM.
TATAPUSIN...

# señor MISERABLE

Nobela ni
PATROCINIA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER E. ESQUIVIAS




Tarzan®
EDGAR RICE BURROUGHS
BATBAT NG HIWAGA ANG LIHIM NA PAG-UUSAP NI WALTER KEYS AT NG DOKTOR-KULAM-- SA PAGBABALAK NG MGA PAKANA NG KAMATAYAN...
...NANG MAGLAON, MATAPOS PUNTAHAN NI KEYS ANG MGA KASAMA, ISANG TANOD ANG NAGSABING IPINATATAWAG NA SILA NG REYNA.
SILA'Y INAGAPAYANAN HANGGANG SA MAHARLIKANG KUBOL NA MAY NAGHIHINTAY NA PIGING.
"KAUGALIANG MAKASALO KO ANG AKING TAGAPAGPAYO," SABI NI KATHY. "NGUNI'T HUWAG MONG IKALUNGKOT ANG GAYON."
NAGKATAWANAN AT NAPALAGAY ANG LOOB NG LAHAT, NGUNI'T ILANG ORAS PA'Y HINUDYATAN NI KEYS ANG DOKTOR-KULAM.
DICK VAN BUREN JOHN CELARDO
HABANG NALILIBANG ANG LAHAT, MABILIS NA NAGPALIPAT-LIPAT ANG KAMAY NG DOKTOR-KULAM SA MGA INUMAN--
AT NAKARAMDAM NG PAGKAANTOK ANG IBANG PANAUHIN-- WALANG MALAY SA PAGKAKAPAINOM SA KANILA NG PAMPATULOG!


ANINO
Katha ni Nestor Reyes
SI DORINA AY MAY MADILIM NA KAHAPON. NAGKAMAL SIYA NG SALAPI SA "PAKIKITUNGO" SA ILANG OPISYAL NA HAPONES NOONG PANAHON NG DIGMAAN, AT SA MGA KAWAL-AMERIKANO NITONG LIBERASYON. MAY KAKAIBA SIYANG PATAKARAN SA BUHAY. NAGBIBILI SIYA NG ALIW UPANG MAY IBILI NAMAN NG KALIGAYAHAN SA PILING NG IBA-IBANG LALAKING KANYANG NAPUPUSUAN...
NAITO, "HONEY" ... PUHUNANIN MO ULI IYAN SA "POKER" NANG MAKAPAG-ALIW-ALIW KA NAMAN! PERO HUWAG KA SANANG MAGPAPABASI, HA? ... HIHINTAYIN KITA!
MAASAHAN MO, DAR...
Gunit ni
TENY BAUTISTA
ISANG LALAKING MASALAPI ANG PINAIBIG NIYA AT UMIBIG NAMAN NANG BUONG KATAPATAN. NANG LIMAS NA ANG KABUHAYAN AY...
ANG IBIG MONG SABIHI'Y IIWAN MO NA AKO NANG PAGANITO...?
WALA AKONG MAGAGAWA! NGAYONG MAIMBARGO NA PATI ANG BAHAY NA ITO AY KAILANGANG HUMANAP AKO NG IBANG MASISILUNGAN! ANO PANG KALIGAYAHAN ANG MAHIHINTAY KO SA IYO?
PINAGDIMLAN NG PANINGIN ANG LALAKI, AT...
WALANGHIYA KA!... NGAYON KO NAPAGKILALA KUNG ANONG URI KANG BABAE! ...ISINUSUMPA KONG PAGBABAYARAN MO NANG MAHAL ANG GINAWA MONG ITO SA AKIN AT SA IBA PANG NAGING BIKTIMA NG IYONG KASAMAAN! SUSUNDAN-SUNDAN KA AT UUSIGIN NG SARILI MONG ANINO HANGGANG SA ORAS NG IYONG KAMATAYAN!
PINAGKIBITAN LAMANG NG BALIKAT NI DORINA ANG SUMPANG IYON. PATULOY SIYA SA DATING GAWAIN... HANGGANG SA MAKATAGPO ANG ISA PANG LALAKING NAHULOG SA KANYANG BITAG -- SI CANDIDO...
NALILIGAYAHAN KA BA, DARLING?
LA MESA D
SIYEMPRE! ... IKAW?
MAUGAYANG MALIGAYA!
KAIBA SA IBANG LALAKING NAGDAAN SA KANYANG PALAD, NABUHOS KAY CANDIDO ANG PAGMAMAHAL NI DORINA. IBINILI NIYA NG MAGAGARANG DAMIT... SINUNOD ANG BALANANG MAIBIGAN... TINUSTUSAN SA PAG-AARAL...
NAITO ANG PARA SA MATRIKULA MO! ANG LABIS AY IBILI MO NA NG MGA KINAKAILANGANG LIBRO...
NAUBOS KAY CANDIDO ANG NATITIPONG SALAPI NI DORINA, NGUNIT MALIGAYA SIYA... LALO NA NANG MAKATAPOS SA PAG-AARAL ANG BINATA..
NGAYO'Y WALA NA TAYONG SULIRANIN, "HONEY"! ...KAYA, IBIG KONG PAKASAL NA TAYO UPANG MAGING GANAP NA ANG ATING KALIGAYAHAN!
IKAW ANG MASUSUNOD...
HINANGAD NI DORINA NA MAGING MARINGAL ANG PAG-IISANG DIBDIB NILA NI CANDIDO. IPINAGBILI NIYA ANG ILAN NIYANG MGA ALAHAS UPANG MAGUGOL SA NALALAPIT NILANG KASAL...
HAYUN ANG MAGANDA!... BAGAY NA BAGAY SA TERNO MO...
SALE
SIYENGA...
MISS, TINGNAN NGA NAMIN ANG ISANG IYON...
AT DUMATING ANG ARAW NG KANILANG KASAL. MASAYANG-MASAYA SI DORINA...
KAY-TAGAL NAMAN NIYA!
SUSUNDUIN PA RAW ANG KANYANG PAPA, E...
DARATING NA IYON!... HUWAG KAYONG MAINIP!
NGUNIT HINDI NA DUMATING SI CANDIDO. AT MAKALIPAS ANG ISANG LINGGO AY TUMANGGAP NG SULAT SI DORINA...
"...NABATID KO ANG MADILIM MONG KASAYSAYAN, AT HINDI KO MATANGGAP NA MAGING KABIYAK NG ISANG BABAING MAY NAKATATAKOT NA ANINO NG KAHAPON! BISPERAS NA NG ATING KASAL NANG MATUKLASAN KO ANG KATOTOHANAN... KAYA MINARAPAT KONG TUMAKAS SA ANINONG IYAN NA SA NAISIN MO'T SA HINDI AY LAGING SUSUBAYBAY SA IYO SA HABANG PANAHON..."
MAY LUHANG TINANGGAP NI DORINA ANG KATOTOHANAN. AT NATUTO SIYANG MAGHUGAS NG KANYANG MGA KASALANAN...
DIYOS KO... KUNG BAHAGI ITO NG KABAYARAN SA NAGAWA KONG MGA PAGKAKASALA AY BUONG-PUSO KONG HAHARAPIN!... NGUNIT PATNUBAYAN NAWA NINYO AT BIGYAN NG MAGANDANG KAPALARAN ANG TANGING LALAKING MINAHAL KO NANG BUONG KATAPATAN...
AT NGAYON... ISANG BABAE ANG LAGING MAKIKITA SA TABING DAGAT KUNG DAPIT-HAPONG LUMULUBOG NA ANG ARAW. WALANG MAKAPAGSASABI KUNG ANO ANG KANYANG INIISIP AT BINABAKAS SA GUNITA. HINDI SIYA NAG-IISA. NAKASUBAYBAY SA KANYA ANG ISANG ANINO NA AYWAN KUNG KAILAN PA HIHIWALAY SA KANYANG BUHAY...
Wakas


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-4 na LABAS
ang nakaraan:
DI HALOS MAKA-PANIWALA SI LEANDRO NA SI TERESA AY ANAK NG YUMAONG FEDERICO MIJARES, ANG BANTOG NA KOMPOSITOR. TUMAPAT SILA SA ISANG MAGARANG TAHANAN. ISANG MAKISIG NA LALAKING NAG-ABOT NG DALAWANG PISO ANG NAMMILIT NA IPAGSAMA SA LOOB ANG DALAGA. NAMAGITAN SI LEANDRO...
GALIT NA BUMALING KAY LEANDRO ANG LALAKI...
BAKIT KA NAKIKIALAM! KAANU-ANO MO BA SIYA?
WALA KA RING PAKIALAM KUNG KAANU-ANO KO MAN SIYA! ANG TUNGKULIN KO'Y IPAGTANGGOL ANG ISANG DALAGANG TULAD NIYA SA PAG-AABUSO NG KANYANG KAPUWA!
Katha ni EDDIE RAÑOLA
HINDI KO SIYA INAABUSO! NIYAYAYA KO LAMANG SIYA SA LOOB PAGKAT...
PERO PINIPILIT MO SIYA! HINAHATAK MO PA GAYONG LABAN NAMAN SA KANYANG KALOOBAN!
UTANG NA LOOB, MISTER MIJARES...
HINILA NANG PALAYO NG DALAGA ANG BINATANG MADALI NAMANG NAPAHINUHOD. NAIWANG NANANALIM ANG PANINGIN NG ISA...
HUWAG NINYO SIYANG PATULAN AT MAHIRAP NA...
MALAYO NA ANG DALAWA NANG MAGSALITA ANG BINATA...
NCITERIA
HINDI MO SANA AKO INAWAT NANG MATURUAN KO NG LEKSIYON ANG LALAKING IYON! SUMUSULAK ANG DUGO KO SA MGA TAONG MAPAGSAMANTALA SA KAHINAAN NG MGA BABAE...
SALAMAT SA PAGMAMALASAKIT NINYO SA AKIN, MISTER MIJARES... NGUNIT DARAMDAMIN KO NANG LABIS KUNG KAYO'Y MAPASUBO SA GULO DAHIL SA AMIN...
SA LOOB NG MATAGAL NA PANAHON BUHAT NANG MAMATAY ANG AMING AMA, NGAYON PA LAMANG KAMI MULING NAKATAGPO NG ISANG KAPUWANG NATUTONG MAGMALASAKIT SA AMING KAPAKANAN! KARAMIHAN SA MGA TAONG NASASALUBONG NAMIN SA LANDAS AY MAY MAITIM NA BUDHI... MGA MAPAGIMBOT... MAY MASASAMANG HANGARIN...
Beauty
...IYAN ANG NAGING DAHILAN KUNG BAKIT MINARAPAT KONG MAMUHAY SA GANITONG PARAAN! ANG TOTOO, MAAARI AKONG HUMANAP NG IBANG HANAP BUHAY! NGUNIT ANG MGA NAPAGTATRABAHUHAN KO AY KINAKITAAN KO RIN NG MASAMANG PAGNANASA SA AKING PAGKABABAE! KAYA NGA UPANG MAKAIWAS... MINABUTI KO NA ANG GANITO...
...AT HIGIT PANG MALAKI ANG KINIKITA NAMIN KAYSA IBANG KARANIWANG HANAPBUHAY! SA AWA NG DIYOS AY NAIPAGAGAMOT KO ANG AMING INA AT NADUDULUTAN SIYA NG KAUNTING KALIGAYAHAN!
NGUNIT HANGGANG NGAYO'Y DI KA PA RIN MAKAIWAS SA MGA TAONG TULAD NG LALAKING IYON, TERESA!
SAPAGKA'T ANG TOTOO, ANG ISANG MAGANDA AT KABIGHABIGHANING DALAGANG KATULAD MO AY DI MAKATATAKAS SA MASASAMANG HANGARIN NG MGA LALAKI SAAN MAN PUMAROON!
SIYANGA... NGUNIT...
LEANDRO...
NAPANGHAL NA AKO SA KAHIHINTAY! AT KAYA PALA HINDI KA NA SUMIPOT-SIPOT AT NAKALIMUTAN MO NA ANG PANONOOD NATIN NG SINE AY DAHIL SA MAY IBANG KUMALADKAD SA IYO! ...HINDI KA NA BA NAHIHIYANG PUMATOL SA HITSURA NG BABAING 'YAN! BA!
LULU! HINDI MO NALALAMAN ANG IYONG SINASABI!
TUTULOY

## DR. Pio Valenzuela...

(*Buhat sa pah.* 11)

1899, si Heneral Antonio Luna, na kasama ni Paco Roman sa Kabanatuan, ay pataksil na pinatay ng kanyang mga kapuwa Pilipino. Nanlumo si Valenzuela nang matanggap ang malungkot na balita sa piitan. Noon din ay nagpahatid siya ng sulat kay Heneral MacArthur. Sinabi niya sa sulat na handa nang isuko niya ang kanyang sarili at makipagtulungan sa mga Amerikano.

Noong Septiyembre, 1899 ay ipinagkaloob ang kalayaan kay Valenzuela, sa ilalim ng kasunduang siya ay maglilingkod bilang presidente sa mga munisipyo ng Polo, Ubando at Meykawayan na na sa pamamahala ng pamahalaang militar ng hukbong Amerikano.

Samantalang naglilingkod si Dr. Pio Valenzuela bilang presidente-munisipal sa bayan ng Polo ay nakatagpo niya ang isa sa pinakamagandang dilag ng bayan, si Marciana de Castro. Ang pagkikilalang yaon ay hindi nagtagal at nauwi sa pag-iibigan. At noong ika-5 ng Oktubre, 1900 ay pinag-isang-dibdib ang dalawang pusong nagmamahalan sa simbahang katoliko sa Polo.

Nang sumunod na taon ay nagbitiw sa kanyang tungkulin si Dr. Pio Valenzuela. Humalili sa kanyang gawain si Don Numeriano Delfin Santiago. Hindi nagtagal at si Dr. Valenzuela ay muling natawag upang maglingkod sa pamahalaan noong 1902, nang kumalat ang salot na kolera. Si Dr. Valenzuela ay naatasang maging puno ng mga sanidad. Ang tungkuling yaon ay hinawakan ni Dr. Valenzuela hanggang noong 1917.

Nang isilang ang Partido Demokrata noong 1916 sa ilalim ng pamumuno ni Heneral Teodoro Sandiko, si Dr. Pio Valenzuela ay hinimok ni Sandiko na kumandidato sa pagka-gobernador ng lalawigan. Si Valenzuela ay tumanggi, nguni't dahil sa mapilit na paghimok ni Sandiko ay napahinuhod na rin ang manggagamot. Sa kombensiyon ay natalo si Dr. Valenzuela at ang nagwagi ay si Heneral de la Torre. Nguni't sa kasamaang-palad ay hindi nagtagumpay sa halalan si de la Torre at ang naupo bilang punong lalawigan ay ang kandidato ng Partido Nasyonalista.

Noong 1919 ay muling hinimok na kumandidato si Dr. Pio Valenzuela sa pagka-gobernador. Si Valenzuela ay malugod na tumanggi at inilipat ang ang kanyang kandidatura kay Abugado Silvino Lopez. Marangal na tumanggi rin ang manananggol sa katwirang siya ay isang Nasyonalista at ang partidong kanyang kinaaniban ay hindi niya matatalikuran. Dahil doon ay napilitan si Dr. Valenzuela na tanggapin ang kanyang kandidatura.

Nang mga panahong yaon ay tatlong malalakas na partido ang ibig maghari sa pulitika sa Pilipinas: ang Partido Nasyonalista, Liga Popular Nayonalista at Demokrata. Ang mga nakalaban ni Dr. Valenzuela ay pawang malalakas at may mga sariling kabig.

Pagkatapos ng halalan, si Dr. Pio Valenzuela ay nagwagi laban kay Juan B. Carlos. Nguni't nang ipadala ang mga balota sa hunta probinsiyal ng Bulakan sa Malolos, sa utos ni Gobernador Buendia, at muling bilangin ang mga balota ay lumabas na si Dr. Valenzuela ay natalo ng kanyang kalaban.

Sa malabis na paghihinakdal ng mga kapanalig ni Dr. Valenzuela ay nagharap ng protesta. Ang mabait na manggagamot ay matigas na tumutol at sinabi pang pabayaan na nila iyon. Nguni't si Sandiko ay hindi pumayag at naging mapilit na sila ay magharap ng protesta at kung maaari ay ipaabot pa iyon hanggang sa hukuman ng lalawigan, o sa korte suprema, kung siyang kinakailangan.

Datapwa't ang paglilitis ay laging ipinagpapaliban sa tuwing sisimulan ang bista ng usapin. Dahil dito ay lubos na naghirap ang pamilya ni Dr. Pio Valenzuela. Ang kanilang mga lupa at iba pang mga ariarian ay kanilang naipagbili dahil lamang sa usaping yaon.

Ang usapin ni Dr. Pio Valenzuela ay natalo sa hukumang unang dulugan sa lalawigan ng Bulakan. Nguni't ang kanyang mga kapanalig ay hindi nasiraan ng loob. Ang natalong usapin ay kanilang dinala sa kataas-taasang hukuman sa Maynila.

Sa Maynila ay naghandog ng tulong kay Dr. Pio Valenzuela ang isang batang-batang abugado. Hindi naman tinanggihan ni Valenzuela at malugod na tinanggap. Makalipas ang ilang buwan ay matagumpay na naipanalo ng batang-batang abugado ang nasabing usapin at ito ang nagbukas ng isang maaliwalas na landas tungo sa magandang kinabukasan sa propesyon ni abugado Gregorio Perfecto.

Isang taon lamang ang naipaglilingkod ni Valenzuela bilang gobernador ng lalawigan, nang muling dumating ang halalan noong 1932. Sariwa pa sa alaala ng mga taong-bayan ang pagdarayang ginawa ng Partido Nayonalista nang sinundang halalan, at dahil doon ay hindi nila ipinagkatiwala ang kanilang mga boto sa kandidato ng naturang lapian. Kaya sa ikalawang pagkakataon, muling nahalal si Dr. Pio Valenzuela, upang maipagpatuloy ang plataporma ng kanyang pangasiwaan.

Ang pangasiwaan ni Dr. Pio Valenzuela ay lubos na pinagkatiwalaan ng mga taong-bayan dahil sa kalinisan at katapatan. Ang lahat ay nilalapatan niya ng katarungan. Sa loob ng kanyang panunungkulan ay wala siyang kinilalang kapatid, kamaganak at kaibigan. Ang lahat ay naging pantay-pantay sa kanyang paningin. Higit na kinakalinga niya ang panig ng mahihirap kaysa mayayaman.

Bunga ng kanyang matapat na panunungkulan ay nahirang siya ni Gobernador-heneral Leonard Wood upang maging kalihim sa kagawaran ng Suliraning Pangloob nang matapos na ang kanyang taning na panahon bilang gobernador ng lalawigan. Ang alok ay marangal na tinanggihan ni Dr. Pio Valenzuela, sa katwirang ibig na niyang mamahinga upang iukol na lamang ang kanyang panahon, bilang manggagamot, sa kanyang pamilya at mga kababayan.

Ang kamatayan ni Dr. Pio Valenzuela ay dumating noong ika-6 ng Abril, 1956, sa gulang na walumpu't walong taon, sa piling ng kanyang maybahay at mga anak.

Ang pangalan ni Dr. Pio Valenzuela ay mananatiling nakatitik sa gintong aklat ng ating kasaysayan. Ang mga nagawa niyang kabayanihan noong panahon ng himagsikan at ang kanyang naipaglingkod sa kanyang lalawigan nang dumating na ang mga Amerikano ay hindi maaaring mapawi sa alaala ng kanyang mga kababayan. (X)

### Isang Kuwento...

Si Ka Use ay balita sa kanilang nayon sa kasipagan. Siya ang may pinakamalaking ani tuwing gapasan. Siya ang may pinakamatabang kalabaw. Siya ang umaani ng pinakamaiinam na bulas ng gulay.

Anopa't sadyang natatangi si Ka Use sa kanyang mga kapuwa magsasaka kung paggawa rin lamang ang pag-uusapan. Walang makalalamang sa kanya.

At isang araw nga'y si Ka Use ang naging paksa ng usapan sa barberya ni Mang Berto. Naroon din at kalahok sa huntahan si Ambo, ang panganay na anak ni Ka Use. Walang maririnig na pagpula kay Ka Use. Panay na papuri, lalona't nadadako ang usapan sa mga bagay na may kaugnayan sa kasipagan. Nguni't sa halip na matuwa si Ambo ay hindi man lamang siya nagpahalata ng kasiyahan sa kanyang mga naririnig.

—Ano ba naman 'tong si Ambo at tila minamasama pa ang sinasabi natin ke Paring Use? —May himig pagpuna sa pananahimik ni Ambong sabi ng kanyang ninong sa kasal.

—Hindi hu ako naniniwalang masipag ang aking tatang e, —nakangiting sagot ni Ambo.

—At bakit naman? —nagtatakang tanong ng isa.

—Pagka't nag-asawa't nag-asawa hu kaming magkakapatid, e, hindi na kami naalis sa maliit at sira-sirang kubo, —ani Ambo. —Kung talaga hung masipag ang aking Tatang, kahit na papano'y natira kami sa isang masasabing tunay na tahanan!

Napamaang na lamang at nag-isip ang mga kaharap ni Ambo.


HINDI NATUTUNAWAN? PANGINGINIT NG DIBDIB? KABAG?




UKOL SA KAGYAT NA LUNAS HINGIN ANG MGA TABLETANG PHILLIPS'


Sa tuwing kayo'y mapapalabis ng pagkain, ito'y tandaan.... Hindi ninyo batid kung kailan kayo'y susumpungin ng pangangasim ng sikmura, pag-iinit ng dibdib o di pagkatunaw ng kinain. Kaya laging magdala ng panglukbutang lata ng mga tabletang Phillips Milk of Magnesia. Sa ganyang paraan...Kayo'y laging handa sa dagliang ginhawa maging kailan kayo'y sumpungin ng nabanggit na karamdaman. Ang mga tabletang Phillips Milk of Magnesia na kaayaaya't masarap ang lasang tulad ng kendi, ay nasasangkapan ng pinakamabilis at pinakamabisang minatamis na sangkap na kagyat nagpapaginhawa sa pangangasim ng sikmura at di matunawan.

Latong may 30 Tabletas ... P0.65
Boteng may 75 Tabletas ... 1.30
Boteng may 200 Tabletas ... 2.80

TABLETANG PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA

Each tablet contains Magnesium Hydroxide 309 gm. 18-17

Tunay na Pangyayari



"Tumikhim ako at marahang sumipol, at..."

# "Ang Aming Kapitbahay"

**Pagtatapat ng isang Kawani kay Benito R. Cadiz**

HINDI naman sa "pagbubuhat ng sariling bangko", ako'y magandang lalaki. At ang katangian kong iyan ay siya kong ginawang puhunan sa pagpapaibig sa mga babae. Hindi ko naman sila pinagsamantalahan. Kasiyahan ko na ang matawag silang nobya; makasama sa panonood ng sine; makasabay sa kalsada; maipagmalaki sa mga kapuwa ko lalaki.

Ang akala ko'y hanggang doon na lamang iikot ang mga pangyayari. Hindi ko inakalang darating ang isang mabigat na pangyayaring labis kong ikaliligalig at siyang lilikha ng napakalaking suliranin sa aking buhay.

At iyan ang kalagayan ko ngayon. Dahil sa isang babaing nakuha ko ring paibigin ay hindi ko malaman kung ano ang aking gagawin upang makalusot sa isang malaking kagipitan. At ito'y isang aral sa akin. Buhat ngayon, hindi na ako "maglalaro" sa pag-ibig. Magpapakatino na ako, hanggang sa dumating ang tanging babaing siyang tunay na katugon ng aking puso. Saka pa lamang ako muling mangingibig — nang matapat at lubusan, upang kung ako'y maging mapalad ay "lumagay na ako sa tahimik". Nguni't paano... paano pa magkakagayon sa kalagayan kong ito?

Pakinggan ninyo ang aking kasaysayan at ngayo'y matapat kong isasalaysay. Pagkatapos, kayo na ang lumagay sa aking katayuan.

---

Marami akong kasintahan. Bagaman wala naman akong pinagsasamantalahan sa kanila, nalalaman kong nanganganib ang aking buhay. Marami sa mga kasintahan ko ang umaasang pakakasalan ko. At iyan ang malimit banggitin ng aking ama't ina.

—Kung hindi ka titigil sa kalokohan mo ay ikaw rin ang magsisisi balang araw, — minsa'y sabi pa ng aking ama. — Papaano kung dumating ang panahong nais mo nang mag-asawa? Sino ang pakakasalan mo sa kanila?

—Bahala na... kung sino ang talagang matimbang sa aking damdamin ... —nangingiti at may-pagwawalang-bahala kong tugon.

—Oo nga... pero paano ang mga hindi mo pakakasalan? —sabad ng aking ina. —Malayo bang makaisip sila ng masama upang makapaghiganti sa ginawa mong panlilinlang?

Alam kong may katwiran ang aking mga magulang. Nguni't aywan ko ba kung bakit hindi ko masunod ang kanilang payo. Patuloy ako sa nakatuwaan kong panliligaw at pagpapaibig sa mga babaing aking nakukursunadahan. Hanggang doon lamang naman. Pag napaibig ko na ay parang wala nang halaga sa akin. Bihira ko nang madalaw na di gaya nang mga nakaraang araw. Ganap na akong nagwawalang-bahala. Nasisiyahan na akong masabing ang babaing iyon ay muli kong napaibig.

At sa gayon nang gayon, nakabilang nga ako ng walong kasintahan. Walang nakababatid sa kanila ng katotohanan. Ang akala ng bawa't isa ay siya lamang ang babae sa aking buhay... na tunay ko siyang iniibig at minamahal.

Naging mapayapa ang lakad ng mga pangyayari sa malikot kong pamumuhay, hanggang sa maganap ang isang malubhang bagay na muntik ko nang ikabingit sa kapahamakan.

Galing ako noon sa tahanan ng isa kong kasintahan, si Chedeng. May tipanan kaming manonood ng karnabal sa "Sunken Garden" at nagpaalam akong uuwi lamang sandali upang magpalit ng damit. Hindi ko inaakala, nasalubong ko ang isa ko pang kasintahan, si Estrella, na kasama ng kanyang ina at isang kapatid na dalaga.

Mangyari pa, nagkahuntahan kami sandali sa daan. Manonood daw sila ng sine sa Ideal pagka't maganda ang palabas. At sa dakong huli, umabot sa pinangangambahan kong mangyayari ang usapan. Samahan ko raw sila at baka sila gabihin. Mahirap ang wala silang kasamang lalaki, lalo't dalaga ang dalawa.

Hinangad kong gumawa ng dahilan, nguni't hindi ako nakaiwas. Napilit ako ng matandang babae na sumama na sa kanila.

--Diyata ba naman at sa ganyan lamang ay hihiyain mo ang aming pakiusap? —ang sabi pa. —Nakapagtataka ka naman ... ang ibang lalaki ay gustung-gustong makasama sa sine ang kanilang mga nobya! Ikaw naman e...

Hindi na nga ako nakatanggi. Hindi ko na inintindi ang usapan namin ni Chedeng. Bahala na... ang naisaloob ko.

Kinabukasan, nang pumunta ako kina Chedeng upang humingi ng paumanhin at gumawa ng dahilan sa hindi ko pagsipot sa aming tipanan, ay nangyari ang di ko inaasahan. Sa hagdanan pa lamang ay sinalubong na ako ng kanyang ama at isang kapatid na lalaki. Galit na galit at inalimura ako nang gayon na lamang. Isang pinsan pala nina Chedeng ang nakakita sa akin na kasama nina Estrella. At hindi naman ako nakapagkaila nang lantarang sabihin ang ayos ng aking mga kasama, at tukuyin kung saang panig kami ng sine naupo. Kaya pinagpawisan na lamang ako.

—Walanghiya ka!... Masamang tao!... Mapagsamantala! —ang pasigaw pang wika sa akin ng ama ni Chedeng. —Sulong! Lumayas ka at huwag ka nang makapanhik-panhik dito! Pag nagkamali ka'y baka mautas ko ang iyong buhay!

Anyong dadaluhungin pa ako ng kapatid ni Chedeng, kaya mabilis na akong nanaog na waring nanliliit sa magkahalong takot at kahihiyan.

Iyon ang kauna-unahang pagkakataong tinanggap ko sa sarili ang mga payo at pangaral ng aking ama't ina. Mapanganib nga pala ang paglalaro ko sa pag-ibig! Kung nagkataon, baka humantong na noon sa masamang pangyayari ang aking mga kagagawan.

Hindi agad ako umuwi nang araw na yaon. Sinikap kong malimutan ang

(Sundan sa pah. 31)

# Iba't-ibang KULAY sa PUTING-TABING

Pitak ni EDDIE RAÑOLA

Si Tony Cruz, Jr., tanyag na bituin sa Kabisayaan na kalalagda lamang ng dalawang taong kontrato sa Everlasting Pictures, ay malimit maging paksa ng usap-usapan. Diilan ang nagtataka kung bakit iniwan niya ang mga dating kasama sa Sebu at minarapat na sumanib sa ibang samahan.

"Walang katakatakang dahilan..." ang sabi ni Tony nang minsang tanungin namin tungkol sa bagay na iyon. "Ibig ko lamang subukin kung 'maaari' ako sa pelikulang tagalog..."

Ang sagot niyang iyan ay may magandang ipinahihiwatig: na si Tony ay mapakumbaba. Ang tutoo, halos lahat nang mga kasamahan niya sa Everlasting ay nagsasabing si Tony ay isang batikang artista na may sariling katangian sa pagdadala ng ano mang uri ng papel. "Siya'y kahangahanga!", papuri pa ni Teresa Mendez, na isa sa mga kasamang bituin ni Tony sa **Laki sa Layaw.**

Si Tony ay natanyag sa mga pelikulang Bisaya sa pagkakaganap niya sa **Mutya sa Saging Tindko** at **Remember Erlinda,** na kapuwa naging "hit" na pelikula sa Sebu.

Nang tanungin namin si Tony kung ano ang masasabi niya sa pagkakasama sa pangkat ng mga taga-Everlasting, sinabi niyang siya'y maligaya pagka't nakatagpo siya ng mabubuting kaibigan. Ang mga kasamahan niya sa Everlasting ay lubhang mababait at pawang nagsisipaghangad sa pagtatagumpay rin niya sa pelikulang Tagalog.

---


Tatlong artista ng LVN ang nagsasakitan ngayon ang mga katawan — sina Armando Goyena, Carlos Padilla, Jr. at Jose Vergara. Ito'y dahil sa malimit na pagsusuntukan at "pagbabakbakan" ng tatlo na siyang hinihingi ng mga tagpo sa ginagawa nilang pelikula — ang **El Robo.**

Kaiba sa naitanghal nang mga pelikula ng LVN, ang **El Robo** ay binubuo ng mga tagpong panay na aksiyon. Ang mga bituing nagsisilabas dito ay kailangang magsipagsanay nang paulit-ulit sa pagsusuntukan at iba pang uri ng labanan bilang paghahanda sa mga papel na kanilang ginagampanan. At sa oras man ng siyuting, malimit na umabot sa "take 3" o "take 4" ang mga tagpo ng paghahamok, sa hangarin ni Direktor Manoling Conde na maging makatotohanan sa mga manonood. Kung sabagay ay hindi masama. Nguni't "nalalamog" nga lamang ang katawan ng mga bituin, na siyang lubhang nahihirapan. Gayonman ay walang tutol o daing na naririnig sa sinoman sa kanila. Sapagka't sa kabila ng lahat at ng mga dinaranas nilang hirap, umaasa silang magiging tagumpay ang ginagawa nilang pelikula.

Si Delia Razon ay siyang itinatampok na bituing babae sa **El Robo** na malapit nang itanghal.

---

Hindi gayun-gayon lamang ang mamahala ng isang pelikulang katatawanan pagkatapos magdirihe ng isang pelikulang madula, lalo't kung isang bagong direktor. Nguni't kay Rosa Mia, ang ganito'y parang walang anoman. Bagaman ang **Torkwata** na ginagawa niya sa kasalukuyan ay kabaligtaran ng **Pagdating ng Takipsilim** na una niyang pinamahalaan, hindi man lamang



**Si Tony Cruz, Jr., bituin ng Sebu, na ngayo'y na sa bakuran na ng Everlasting. Si Tony ay unang lalabas sa "Reyna Sirkera" at ibubunsod bilang ganap na bituin sa "Laki sa Layaw".**



**Ang marilag na si Delia Razon, itinatampok sa "EL ROBO" ng LVN, isang pelikulang puno ng aksiyon na ginagampanan din nina Armando Goyena, Carlos Padilla, Jr. at Jose Vergara. Ang pelikulang ito ay sa pamamahala ni Direktor Manoling Conde.**




TANDUAY DISTILLERY, INC. • 348 Tanduay, Manila
ELIZALDE & CO., INC. Gen. Managers
TR 4-57

Isang tagpo sa "TORKWATA" ng Sampaguita na ginagampanan nina Susan Roces at Zeny Zabala. Katambal dito ni Susan si Eddie Arenas, sa direksiyon ni Rosa Mia, ang direktora ng "PAGDATING NG TAKIPSILIM".

Sina Rosa Rosal, Tony Santos at Leroy Salvador, samantalang nagpapahinga sa pagitan ng mga siyuting ng "BADJAO", isang pelikulang may mataas na uri, katulad ng "ANAK DALITA" na nagtamo ng karangalan sa "South East Asian Film Festival." Ang "BADJAO" ay sa pamamahala ni Bert Avellana, na siya ring direktor ng "ANAK DALITA".






siya kinamamalasan ng pagkabahala. At aniya: "Talagang ganito ang paggawa ng pelikula — pabagu-bago, tulad din naman ng pabagu-bagong buhay ng tao." Kaya nga ni hindi siya naliligalig sa biglang-biglang paggawa niya ng pelikulang katatawanan pagkatapos na magdirihe siya ng isang madulang pelikula. Umaasa siyang papatnubayan siya ng kapalaran, at maitataguyod niya nang buong tagumpay ang "pagdadala" sa pelikulang ito.

Magkatambal sa **Torkwata** sina Eddie Arenas at Susan Roces ang "bayani" ng **Gilda** at ang pilyang **Boksingera**.

—·—

Gaya ng naipatalastas na kamakailan, ang Premiere ay gagawa ng isang pelikulang lubhang kakaiba sa karaniwan at ngayon pa lamang mapapanood sa puting-tabing. Ito'y binubuo ng pitong iba-ibang kasaysayan, dinamamahalaan ng pitong batikang direktor at nilalabasan ng labimpitong tanyag na bituin. Ito'y ang **Bicol Express**.

Ang kasaysayan ng **Bicol Express** ay nagsisimula sa himpilan ng Tutuban, na ang isang tren ay tumulak na maraming pasahero. Habang ang tren ay naglalakbay na patungo sa Kabikulan, isa-isa namang nagaganap ang mga pangyayaring bumubuo ng pitong istorya... na matatapos pagdating sa Legaspi, ang terminal ng **Bicol Express**.

Ang pitong direktor ng pelikulang ito ay sina Eddie Romero, Cirio Santiago, Josefino Cenizal, Gerardo de Leon, Efren Reyes, Teodorico C. Santos at Cesar Gallardo. Ang mga bituin naman ay sina Leopoldo Salcedo, Jose Padilla, Jr., Efren Reyes, Pancho Magalona, Eddie del Mar, Danilo Montes, Zaldy Zshornack, Fernando Poe, Jr., Lauro Delgado, Vic Diaz, Tita Duran, Tessie Quintana, Olivia Cenizal, Alicia Vergel, Cynthia Zamora at Cielito Legaspi.

——oOo——

## Ang Aming...

(*Buhat sa pah.* 28)

lahat sa pamamagitan ng muling panonood ng sine. Nagpalumagak pa ako sa isang **night club** at hating-gabi na nang umuwi ako ng bahay.

Dili ang di napuna ng aking ina ang ligalig kong anyo kinabukasang magkakasalo na kami sa pag-aagahan. Ngunit inilihim ko ang katotohanan. Sinabi kong masama lamang ang aking pakiramdam nang gabing nagdaan.

—Iyan ang nakukuha mo sa paglalayas! Hindi ka na kasi napirmi ng bahay, e! —paniwalang-paniwala namang sabi ng aking ama.

Nakapag-almusal na kami nang marinig naming nagkakaingay sa may harapan ng aming bahay. Dumungaw ako, at mga naghahakot pala ng kasangkapan. May bago na kaming kapitbahay. Sa wakas, may nagkagusto ring tumira sa bahay na iyong may isang taong nabakante dahil sa kalumaan.

Gaya ng likas na sa maraming lalaki, ang unang-unang naisaloob ko ay kung may dalaga sa mga bagong lipat. At naidalangin kong mayroon sana. Subali't naipanhik nang lahat ang mga kasangkapan ay wala akong nakitang nanaog sa trak kundi isang matandang lalaki at isang tila binatang na sa kasibulan at malaki ang pangangatawan. Tila mag-ama lamang ang bago naming kapitbahay. Kaya, may panghihinayang na nilisan ko na ang durungawan.

Kinagabihan, samantalang nagpapausok ako ng sigarilyo sa may tabi ng bintana at muli kong napag-iisip-isip ang nangyari nang sinundang araw, ay nakarinig ako ng magandang tinig na umaawit. Hindi ako maaaring magkamali... sa kapitbahay namin nagbubuhat. May pananabik na dumunghal ako sa bintana, at parang hindi ako makapaniwala. Isang magandang babaing nakalantad sa ilaw at nakalabas sa durungawan ang kalahati ng katawan ang umaawit sa kabilang bahay.

Sa unang pagkamalas ko pa lamang sa babaing yaon, na mukhang dalagang na sa kasariwaan, ay pumasok na naman sa aking isip ang kapilyuhan. Liligawan ko uli... at kung mapaibig ko ring tulad ng iba kong kasintahan ay may maipagmamalaki na naman ako sa aking mga kaibigan.

Binuo ko na sa isip ang mga dapat kong gawin. At kinabukasan, hindi pa kami nag-aalmusal ay nanungaw na ako upang makita ang maganda naming kapitbahay. Nasungawan kong naroon din siya sa bintanang kinaroroonan nang nagdaang gabi... sa dati ring anyo at ayos.

Tumikhim ako at marahang sumipol. Napalingon sa akin ang babae... at nang magtama ang aming mga mata ay inukulan ko siya ng makahulugang ngiti. Hindi ko inaasahan, ngumiti rin siya sa akin.

At noon pa, naisaloob ko nang ang babaing iyon ay mapapabilang na rin sa aking mga kasintahan. Siya ang magiging kahalili ni Chedeng na ganap nang nawala sa akin nang sinundang araw. Ni hindi ko naguguniguning iyon na ang simula ng isang napakalaking kaligaligang daranasin ko sa buhay!

MAGIGIMBAL KAYO SA HALOS DI KAPANI-PANIWALANG KARUGTONG NG KASAYSAYANG ITO!

(TATAPUSIN)

——oOo——

## Beacon Hill

(*Buhat sa pah.* 20)

ng sentro as pagbabalita ng pagsasanay, na mabuting pagugnayan ng mga kalahok na




**Ramon D'Salva ★ Rosa Mia ★ Eddie del Mar ★ Lolita Rodriguez**
**Ang apat na pinakamahuhusay na bituin ng 1956**
**(Tingnan ang pahina 4)**